Republic of the Philippines
Department of Education
Region V(Bicol)
SCHOOLS DIVISION OF CATANDUANES
Virac, Catanduanes
Email Add: catanduanes@deped.gov.ph/catanduanesdiv15@gmail.com
Website: www.depedrovcatanduanes.com Tel No.: (052)811-40-63

ASED
Division of Catanduanes
RECORDS SECTION
Date JAN 08 2019
Time: 10:00 AM
Initial/Signature:

DIVISION MEMORANDUM
No. 07, s. 2019

TO : Public Schools District Supervisors
Elementary and Secondary School Heads

FROM : SOCORRO V. DELA ROSA, CESO VI
Schools Division Superintendent

SUBJECT : **Utilization of Financial Literacy Integration Teacher's Guide In Edukasyon sa Pagpapakatao**

DATE : January 7, 2019

1. To strengthen and sustain the implementation of the Personal Finance for Mentors (PerForM) Program, DepEd ROV, through the Schools Division Office, releases to the field **Financial Literacy Integration Teacher's Guide** which integrates across grade levels financial literacy concepts in Mathematics, Edukasyon sa Pagpapakatao, Edukasyong Pantahanan at Pangkabuhayan and Araling Panlipunan.

2. Below is a guide for use along the subject **Edukasyon sa Pagpapakatao**:

| TITLE | PAGES | GRADE LEVEL | QUARTER |
|---|---|---|---|
| ***Elementary*** | | | |
| Pagtitipid ang Style Ko | 73-75 | 2 | 3rd |
| Bata, Magtipid na Ngayon | 76-78 | 2 | 3rd |
| Tipid ang May Alam | 79-82 | 4 | 3rd |
| Pinagkukunang-yaman, Aking Titipirin | 83-85 | 4 | 4th |
| Pagtitipid, Magagawang Paraan Ko | 86-88 | 4 | 4th |
| Ako ay Magtitipid Na! | 89-91 | 4 | 4th |
| Pag-eentreprenur, Madali Lamang | 92-94 | 4 | 3rd |
| Astig ang mga Pinoy! | 95-98 | 5 | 4th |
| Pagiging Matapat Aking Tutularan | 99-101 | 6 | 1st |
| Sa Pag-iimpok, Ako ay Makatutulong | 102-105 | 6 | 3rd |
| ***High School*** | | | |
| Plano sa Masayang Buhay | 106-113 | 7 | 1st |
| Sa Epektibong Pagbabadyet, Pamilya ay Magbibigkis | 114-116 | 8 | 1st |
| Edukasyon ay Mahalaga, Mag-impok Habang Maaga | 117-119 | 8 | 1st |
| BSP Katuwang sa Pag-unlad ng Lipunan | 120-122 | 9 | 1st |
| Utang Mo, Responsibilidad Mo | 125-128 | 9 | 3rd |

3. To maximize the utilization, schools should reproduce the attached copy for their respective teachers using the school's MOOE fund.

4. Public Schools District Supervisors and Schools Heads are tasked to monitor the utilization of the said materials and provide technical assistance to teachers to ensure the success of the implementation of the program.

5. For your information, guidance and compliance.

**PAMAGAT NG ARALIN** Pagtitipid ang Style Ko

**PANGKALAHATANG IDEYA**
Tuon ng talakay sa araling ito ang pagtitipid sa anumang kagamitan na nauugnay sa araling pananalapi.
Ito ay gagamitin bilang integrasyon ng pag-iimpok at araling pansalapi sa unang paksa ng unang markahan.

## MGA PAMANTAYAN AT LAYUNIN

**Pamantayang Pangnilalaman**
Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng kamalayan sa karapatang pantao ng bata, pagkamasunurin tungo sa kaayusan at kapayaan ng bansang kinabibilangan

**Pamantayan sa Pagganap**
Naisasagawa nang buong pagmamalaki ang pagiging mulat sa karapatan na maaaring tamasahin

**Mga Layunin**
Nakapagpapakita ng paraan ng pagpapasalamat sa anumang karapatang tinatamasa
Hal. pag-aaral nang mabuti
pagtitipid sa anumang kagamitan
*EsP2PPP-IIIa-b-6*

**Tema/Paksa**
Pagmamahal sa Bansa

**Kagamitan**
- larawan ng iba't ibang kasangkapan katulad ng refrigerator, telebisyon, electric fan, gas stove, upuan, mesa, kama
- mga tunay na bagay tulad ng papel, lapis, bag, sapatos, uniporme, krayola, sabong panligo, shampoo
- mga metacard ng hindi-angkop, angkop, hindi pagtitipid, pagtitipid

**Pinagbatayan**
- K to 12 Gabay Pangkurikulum EsP 2, p. 15 ng 76
- Teaching Guide on Financial Literacy p. 57-62

## FINANCIAL LITERACY CONCEPTS/VALUES

***Batayang Kaisipan:*** Maraming paraan upang Makapagtipid

***Pagpapahalagang Lilinangin:***
1. Nagagamit ang angkop na kasangkapan at kagamitan ayon sa pangangailangan
2. Napapahalagahan ang iba pang paraan ng pagtitipid

## YUGTO NG PAGKATUTO

### A. Panimula: Pagganyak

1. Idikit ang iba't ibang larawan ng mga kasangkapan sa pisara. Bigyan ng pagkakataon ang mga bata na kilalanin ang mga larawan (iba't ibang kasangkapan katulad ng refrigerator, telebisyon, electric fan, gas stove, upuan, mesa, kama).
2. Tanungin ang mga bata:

a. Sino sa inyo ang may kasangkapan na katulad ng nasa larawan?
b. Sa inyong palagay, bakit bumili ang inyong mga magulang ng mga kasangkapang ito?

3. Pagkatapos sagutin ang mga tanong, magpakita naman ng mga kagamitan tulad ng papel, damit, sapatos, lapis, bag, uniporme, krayola, sabong panligo, at shampoo.
4. Tanungin ang mga bata:
   a. Sino ang karaniwang gumagamit ng mga kagamitang ito?
   b. Bakit kaya binili ng inyong magulang ang mga kagamitang ito?

**Panlinang na Gawain**

**a. Paglalahad:**

1. Hatiin ang klase sa tatlong pangkat. Bigyan ang bawat pangkat ng takdang gawain na nakasulat sa metakard.

> **Unang Grupo**
> Sitwasyon: Katatapos lamang ng palistahan/enrolment.
> Malapit na naman ang pasukan.
> **Gawain:**
> 1. Pag-usapan sa inyong pangkat kung anong kagamitan ang dapat ihanda sa pagpasok sa paaralan.
> 2. Gumawa ng listahan ng mga kagamitang ito.

> **Ikalawang Grupo**
> Sitwasyon: Kaarawan ng bunso mong kapatid sa darating na Sabado. Napagkasunduan ng inyong pamilya na magkaroon nang munting salo-salo.
> **Gawain:**
> 1. Ilista ang mga kagamitan na inyong kailangan para sa salu-salo
> 2. Mag-isip ng mga paraan kung paano makakalikom ng mga kagamitang kailangan nang hindi na gumagasta pa ng pera.

> **Ikatlong Grupo**
> Sitwasyon: Ipinahayag ng pinuno ng paaralang pinapasukan ninyo na magsisimula na ang "Brigada Eskwela" sa darating na Lunes. Ang inyong pangkat ay naatasang magdala ng mga kagamitan para sa pagkukumpuni ng mga silid-aralan.
> **Gawain:**
> 1. Ilista ang mga kagamitan na inyong kailangan para sa proyektong ito.
> 2. Mag-isip ng mga paraan kung paano makakalikom ng mga kagamitang kailangan nang hindi gumagasta pa ng pera.

3. Ipaskil sa pisara ang ginawa ng bawat pangkat.

**b. Pagsusuri**

1. Ano ang naramdaman ninyo habang kayo ay nag-uusap-usap sa inyong mga gagawin?
2. Tingnan nating muli ang mga sagot ng inyong pangkat.
   a. Alin sa mga kasagutan sa unang sitwasyon ang higit na kailangan? (Ulitin ang katanungang ito para sa ikalawa at ikatlong sitwasyon)

b. Sa inyong palagay, makatitipid ba tayo kung gagamit ng mga kasangkapan at kagamitan na tama lamang sa ating pangangailangan? Bakit?

c. Magbigay ng iba pang paraan ng pagtitipid.

**C. Pangwakas na Gawain**

**a. Paghahalaw:**

Patnubayan ang mga bata na masabi na ang paggamit ng angkop na kasangkapan at kagamitan ayon sa pangangailangan ay isang paraan upang makatipid.

**b. Paglalapat:**

1. Magpakita ng larawan ng lapis at papel, krayola, bag, uniporme, sabong panligo, shampoo, payong, electric fan, radyo.
2. Panuto: Piliin ang na angkop na kasangkapan o kagamitan para sa mga sumusunod na sitwasyon:

a. Pagpapaganda ng isang larawan na iyong iginuhit.
b. Paghanda para sa darating na pasukan.
c. Naatasan kang magbalita ng mga pangyayari sa ating bansa.
d. Bakasyon na naman. Siguradong napakainit ng panahon.
e. Panahon na ng pagsusulit. Kailangang ihanda ang mga kagamitan.

**D. Pagtataya:**

Panuto: Ipamahagi ang mga metacard. Siguraduhing may metacard ang bawat bata. Isa-isang ilahad ang mga sitwasyon. Sabihin: Itaas ang metacard na **ANGKOP** kung **Tama ang kasangkapan o kagamitang babanggitin, HINDI ANGKOP** kung **Maling kasangkapan o kagamitan.**

______1. Gumamit ang nanay ng matibay at murang basket para sa pamamalengke.

______2. Maglalaba ng uniporme si Flor. Gagamitin niya ang maliit na palanggana.

______3. Pupunta si Gary sa dagat para maligo. Nagsuot siya ng lumang t-shirt at shorts na gagamiting panligo.

______4. Bumili ang aking ina ng baunan dahil palagi akong nagbabaon ng pananghalian.

______5. Pasukan na naman. Inihanda ko ang aking uniporme para gamiting pampasok sa araw-araw.



**Kasunduan:**

Kumpletuhin mo ang pangungusap:

*Tinitipid ko ang baon kong pera upang*

____________________________________________

**Banghay-Aralin sa ESP Grade 2**

| | |
|---|---|
| **PAMAGAT NG ARALIN** | Bata, Magtipid na Ngayon |
| **PANGKALAHATANG IDEYA** | Ang araling ito ay integrasyon ng araling pansalapi sa paksang Likas-Kayang Pag-unlad na nakatuon sa masinop na paggamit ng anumang bagay tulad ng tubig, pagkain, enerhiya at iba pa.<br>Tatalakayin ito sa ikatlong markahan sa ikaapat o ikalimang lingo. |

## MGA PAMANTAYAN AT LAYUNIN

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng kamalayan sa karapatang pantao ng bata, pagkamasunurin tungo sa kaayusan at kapayapaan ng kapaligiran at ng bansang kinabibilangan |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Naisasabuhay ang pagsunod sa iba't ibang paraan ng pagpapanatili ng kaayusan at kapayapaan sa pamayanan at bansa |
| **Mga Layunin** | *Nakagagamit nang masinop ng anumang bagay tulad ng tubig, pagkain, enerhiya, at iba pa*<br>*EsP2PPP-IIId-e-10* |
| **Tema/Paksa** | Likas-kayang Pag-unlad (Sustainable Development) |
| **Kagamitan** | mga larawang nagpapakita ng iba't ibang kaugaliang Pilipino; tsart ng awit |
| **Pinagbatayan** | • K to 12 Gabay Pangkurikulum EsP 2, p. 15 ng 76<br>• TG on Financial Literacy p. 69-73 |

## FINANCIAL LITERACY CONCEPTS/VALUES

**Batayang Kaisipan:** Kapag ang pagtitipid ay nasa isipan at damdamin ng mga bata, inaasahang may pag-unlad sa hinaharap

**Pagpapahalagang Lilinangin:**

1. Naipagpapatuloy ang magagandang kaugaliang Pilipino katulad ng pagtitipid
2. Naisasagawa ang pagtitipid para umunlad sa hinaharap

## YUGTO NG PAGKATUTO

### A. Panimula: Pagganyak

1. Sabihin: Pagmasdan ang mga larawang nagpapakita ng iba't ibang kaugalian ng tao.
2. Itanong ang mga sumusunod:

a. Ano ang ipinakikita sa mga larawan?
b. Sino sa inyo ang patuloy na ginagawa ang mga kaugalian na ipinakita?
c. Alin sa mga larawan ang nagpapakita ng kaugalian sa pagtitipid?
d. Sa inyong palagay, bakit kailangang ipagpatuloy ang ugaling pagtitipid?

**B. Panlinang na Gawain**

**a. Paglalahad:**

Ipakanta ang awiting inihanda sa tono ng "Ako'y Isang Pinoy."

I

Ako'y batang Pinoy
Sa puso't diwa
Ako'y marunong magtipid
Para sa sarili't kapwa

II

Ito'y isang kaugalian
Namana sa matatanda
Aking ipagpapatuloy 'to
Para makatulong sa bansa

*Refrain:*

Pagtitipid, isapuso't isaisip
Dapat natin 'tong tandaan
Tiyak buhay ay gagaan

III

Kaya kung ako sa'yo
Magtipid katulad ko
Sigurado na ang pag-unlad
Buhay mo sa hinaharap.

(Ulitin ang Refrain hanggang sa ikatlong saknong.)

**b. Talakayan:**

Itanong ang mga sumusunod:

1. Ano ang naramdaman mo habang umaawit?
2. Anong kaugalian mayroon ang batang nabagggit sa awitin?
3. Saan daw natutuhan ng bata ang kaugaliang pagtitipid?
4. Nais din ba ninyong maging matipid tulad ng bata sa awitin? Bakit?
5. Sa inyong palagay, ano-anong paraan ng pagtitipid ang maaaring gawin ng mga batang katulad ninyo?
6. Bakit kailangang isaisip at isapuso ang pagtitipid sa anumang bagay?

**c. Pangkatang Gawain:**

Tanungin sa klase kung ano-anong mga bagay ang dapat nilang tipirin. Bumuo ng grupo ayon sa kanilang mga sagot. Pag-uusapan ng bawat grupo ang iba't ibang paraan ng pagtitipid na pwede nilang gawin para sa bagay na kanilang napili. Maghanda ang bawat grupo para sa pag-uulat.

**C. Pangwakas na Gawain**

**a. Paglalahat:**

Patnubayan ang mga batang maintindihan na ang pagtitipid bilang kaugaliang Pilipino ay dapat ipagpatuloy, isaisip at isapuso upang umunlad ang buhay sa hinaharap.

**b. Paglalapat:**

Isa-isahing ilahad ang mga sitwasyon. Ipasabi ang salitang **PAGTITIPID** kung ang sitwasyon ay naglalahad ng kaugaliang pagtitipid; **MAAKSAYA** naman kung hindi pagtitipid.

________1. Isarado ang gripo matapos gamitin.
________2. Pagtapon ng pagkain na hindi naubos.
________3. Nakabukas ang telebisyon kahit walang nanunuod.
________4. Paggamit ng baso habang nagsesepilyo.
________5. Magluto ng sapat lamang para sa buong pamilya

- Itanong: Bakit dapat turuang magtipid habang bata pa ang mga bata ngayon?

**IV - Pagtataya:**

Panuto: Sabihin kung ano ang dapat gawin sa sumusunod para makatipid.

1. telebisyon
_______________________________________________
2. mga gamit sa paaralan
_______________________________________________
3. perang bigay ng ninong at ninang
_______________________________________________
4. bag at sapatos
_______________________________________________
5. mga ilaw
_______________________________________________



**Kasunduan:**

Gumawa ng inspeksyon sa inyong bahay. Tingnan ang mga bagay na pwede ninyong matipid. Ilista at isulat kung paano ito matitipid.

**Banghay-Aralin sa ESP Grade 4**

| | |
|---|---|
| **PAMAGAT NG ARALIN** | Tipid Ang May Alam |
| **PANGKALAHATANG IDEYA** | Ang araling ito ay magtuturo sa atin na ang pagrecycle ay ang paggawa ng bagong materyal gamit ang mga luma o bagay na patapon na.<br>Isasabay ang talakay ng modyul na ito sa aralin kaugnay ng muling paggamit ng patapong bagay (recycle) sa ikatlong marakahan. |

## MGA PAMANTAYAN AT LAYUNIN

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagkakaroon ng sariling disiplina para sa bansa tungo sa pandaigdigang pagkakaisa |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Naisasabuhay ang patuloy na pagninilay para makapagpasya nang wasto tungkol sa epekto ng tulong-tulong na pangangalaga ng kapaligiran para sa kaligtasan ng bansa at daigdig |
| **Mga Layunin** | Nakatutulong sa pagpapanatili ng kalinisan at kaayusan ng kapaligiran saan man sa pamamagitan ng:<br>12.6 Pagsasagawa ng muling paggamit ng mga patapong bagay(recycling)<br>*EsP4PPP-IIIg-i-22* |
| **Tema/Paksa** | Likas-kayang Pag-unlad |
| **Kagamitan** | cartolina, pangkulay, lapis |
| **Pinagbatayan** | • K to 12 Gabay Pangkurikulum EsP 4, p. 24 ng 76<br>• Teaching Guide on Financial Literacy pp. 91-94 (mga sitwasyon)<br>• https://www.google.com.ph/search (mga larawan) |

## FINANCIAL LITERACY CONCEPTS/VALUES

***Batayang Kaisipan:*** Kapag ang pagtitipid ay nasa isipan at damdamin ng mga bata inaasahang may pag-unlad sa hinaharap

***Pagpapahalagang Lilinangin:***


1. Naipakikita ang iba't ibang paraan ng pagtitipid sa paghahanda at pagluluto ng pagkain
2. Nahihinuha ang maaring mangyari kung matututong magtipid sa paghahanda ng pagkain


## YUGTO NG PAGKATUTO

**A. Panimula:**

**Pagganyak:**

1. Ipakita ang mga sumusunod na larawan sa mga bata.
2. Paghambingin ang dalawang larawan.






Itanong:
Ano ang kanilang pagkakaiba?
Pagkatapos mong kumain, alin kaya dyan ang plato mo?
Ano ang masasayang? Bakit? Ipaliwanag.
Ano ang epekto ng pagkasayang ng mga pagkain sa mag-anak?

**B. Panlinang na Gawain**
**a. Paglalahad**

1. Pangkatin ang klase sa lima. Bigyan ang bawat pangkat ng isang sitwasyon.
2. Bigyan ng sampung minuto ang mga pangkat para gawin ito.
3. Matapos ang takdang oras, hayaang ilahad o ipakita ang mga nagawa.


**Pangkat 1 – Sitwasyon 1**
Maraming huling isda si Mang Isko at may mga hindi nabili sa mga ito. Ano ang maaaring gawin sa mga isdang hindi nabili? Sagutan ito sa pamamagitan ng isang dula-dulaan.






**Pangkat 2 – Sitwasyon 2**
May mga biniling pinya si Mang Renato nang pumunta siya sa probinsiya. Hindi agad ito makakain ng pamilya niya. Ano ang ipapayo mong gawin ng mag-anak sa mga sobrang pinya. Gumawa ng poster tungkol dito.

**Pangkat 3 – Sitwasyon 3**
May mga itlog sa bahay. Ano ang maaaring gawin sa ibang itlog? Gumawa ng isang anunsiyo tungkol dito.






**Pangkat 4 – Sitwasyon 4**
May mga hilaw na papaya na nalaglag sa puno nina Marita. Ano ang maaaring gawin dito upang hindi masayang? Ilarawan kung ano ang gagawin.

**Pangkat 5 – Sitwasyon 5**

Sumobra ang nabiling saging ni Aling Mila. Ano ang maaaring gawin niya sa sobra? Gumawa ng tula/tigsik tungkol dito.



**C. Pagninilay**

**a. Pagtatalakayan**

Itanong:

1. Ano-anong paraan ang maaaring gawin sa mga tira o sobrang pagkain nila?
2. Bakit kailangang muling gamitin (irecycle) ang mga ito?
3. Ginagawa rin ba ninyo ang pagrerecycle sa inyong bahay, sa paaralan?
4. Maliban sa mga nabanggit sa pangkatang gawain, ano-ano pa kaya ang pamamaraan sa pagrerecycle?

**b. Paglalahat**

Itanong upang mabuo ang konsepto:

1. Ano ang recycling?
2. Ano ang kahalagahan ng pagrerecycle?

**c. Paglalapat:**

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na mga gawain sa pagtitipid sa pagluluto. Ang mga ito ba ay isinasagawa ng nanay mo? Lagyan ng tsek (/) kung palagi, paminsan-minsan, gagawin pa.

| Gawain | Palagi | Paminsan-minsan | Gagawin Pa |
|---|---|---|---|
| 1. Ipinamimigay ang mga gulay na naani kung labis na sa amin | | | |
| 2. Itinatapon ang mga nahinog na prutas | | | |
| 3. Isinasangag ang tirang kanin | | | |
| 4. Ginagawang atsara ang iba pang hilaw na papaya | | | |
| 5. Inaasinan ang mga isdang nabili kung hindi pa ito iluluto | | | |

Itanong:

1. Para sa gawaing bilang 1 at 2, ano ang gagawin mo kung palagi itong ginagawa ng nanay mo?
2. Sa gawaing bilang 3, 4 at 5, kung paminsan-minsan itong ginagawa, ano naman ang gagawin mo?
3. Paano ka makatutulong sa nanay mo upang makatipid sa pagluluto at paghahanda ng pagkain?

## Banghay-Aralin sa ESP Grade 4

| | |
|---|---|
| **PAMAGAT NG ARALIN** | Pinagkukunang-yaman , Aking Titipirin |
| **PANGKALAHATANG IDEYA** | Ang araling ito ay magtuturo sa atin na ang wastong pagpili ng pagkain ay nakakatulong upang makatipid. Ito rin ay nagpapakita ng ating pagiging matalino sa paggamit at pangangalaga ng ating mga pinagkukunang-yaman. At higit sa lahat naipakikita rin nito ang ating wastong pangangasiwa ng salapi para sa ating pamilya. |

### MGA PAMANTAYAN AT LAYUNIN

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Nauunawaan at naipakikita ang pananalig sa Diyos sa pamamagitan ng paggalang, pagtanggap at pagmamahal sa mga likha |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Naisasabuhay ang pananalig sa Diyos sa pamamagitan ng paggalang, pagtanggap at pagmamahal sa mga likha |
| **Mga Layunin** | Pangangalaga sa mga materyal na kagamitang likas o gawa ng tao<br>*EsP4PD-IVh-i-13* |
| **Tema/Paksa** | Pagtitipid/Matalinong Paggamit ng Pinagkukunang-yaman |
| **Kagamitan** | cartolina, pangkulay, lapis |
| **Pinagbatayan** | • K to 12 Gabay Pangkurikulum EsP 4, p. 25 ng 76<br>• Teaching Guide on Financial Literacy pp. 77-81(mga sitwasyon)<br>• https://www.google.com.ph/search (mga larawan) |

### FINANCIAL LITERACY CONCEPTS/VALUES

***Batayang Kaisipan:*** Ang wastong pangangasiwa ng salapi ay may kaugnayan sa pag-unlad ng mag-anak

***Pagpapahalagang Lilinangin:***

1. Naisasagawa ang pagtitipid sa pagpili ng wastong pagkain
2. Naipakikita ang wastong pangangasiwa ng salapi

### YUGTO NG PAGKATUTO

**A. Panimula:**

Pagganyak: (Itanong)

- Ano ang maaaring gawin sa mga tirang-pagkain? Ano ang kabutihang dulot ng pagre-recycle ng mga pagkain?

**B. Panlinang na Gawain:**


**a. Paglalahad:**


1. Pangkatin ang klase sa dalawa.
2. Ibigay ang sitwasyon

Oras ng rises, nasa kantina si Jake at nakaharap sa *display* ng mga pagkain. Gutom siya kaya balak niyang bumili ng tinapay at *juice*. Sa display ay napansin niya ang malalaki at makukulay na *potato chips*. Gustong-gusto niya ang mga ito. Ano kaya ang pipiliin ni Jake para sa rises?

3. Ilahad ang gawain ng mga pangkat at sabihin:

Ang **pangkat 1** ay ang **Pangkat Tinapay** at ang **Pangkat 2** ang **Pangkat Potato Chips**. Aakitin ninyo Si Jake na kayo ang piliing kainin. Ibigay ninyo ang mga dahilan kung bakit kayo ang dapat piliin. Pag-usapan mabuti ang mga dahilan at ilahad ito kay Jake. Gamitin ang porma na nasa tsart.





TSART

Potato Chips ← **Dahilan** → Tinapay

____________ ← **Ano ang dapat piliin ni Jake?** → ____________

____________ ____________

____________ ____________

4. Pumili ng isang (1) bata upang maging si Jake.
5. Bigyan ng 10 minuto ang mga bata para sa gawain.

**b. Pagtatalakayan:**

1. Ipaulat sa mga pangkat ang tsart.
2. Ipasagot kay Jake ang tanong at ipabigay ang dahilan ng kanyang pagpili.
3. Maaari ding tumawag ang guro ng iba pang bata at itanong dito ang kanilang pipiliin at bakit?
4. Idako ang talakayan sa pagpili ng mga bata sa tinapay sa sumusunod na dahilan:
   - Masustansiya ito kaysa potato chips
   - Ang potato chips ay junk food at hindi wastong kainin ng mga bata
   - Ang sustansyang makukuha sa tinapay ay sulit sa halagang ibabayad nila

   Napangangasiwaan ang pera dahil alam niya kung saan niya gagastusin ang pera niya.

**c. Paglalahat:**

Paano ipinakikita ang pagtitipid at wastong pangangasiwa ng pera?

**d. Paglalapat:**


1. *Hayaang tumayo ang mga bata sa hulihan ng silid-aralan.*
2. Sabihin: Bibigyan ko kayo ng mga pagkaing pagpipilian. Pupunta kayo sa lugar na ituturo ko kung kayo pipili. Pag-usapan ninyo kung bakit iyon ang inyong pinili.

Narito ang sitwasyon:

**a.** May tinda sa kantina ng paaralan na tsitserya (ituro ang gawing kanan) at banana cue (ituro ang gawing kaliwa). Go!!! (pupunta ang mga bata sa kanilang sulok at mag-uusap kung bakit nila ito pinili.)




**b.** Pinamimili ang nanay mo ng meryenda. Alin ang pipiliin mo? (ituro ang gawing kanan) kropek o (ituro ang gawing kaliwa) tsamporado? (mag-uusap ang mga batang pumili kung bakit nila pinili yan)



**IV - Pagtataya:**

**Panuto:** *Lagyan ng tsek (/) sa ibaba ang mga gawaing ginagawa.mo palagi, paminsan-minsan at gagawin pa.*

| Gawain | Palagi | Paminsan-minsan | Gagawin Pa |
|---|---|---|---|
| 1. Kumakain ako ng gulay | | | |
| 2. Masustansiyang pagkain ang inihahain ng nanay ko | | | |
| 3. Kumakain ako ng kendi | | | |
| 4. Kumakain ako ng mga sitserya | | | |
| 5. Bumibili ako ng anumang pagkain kahit mahal ito at walang sustansiya | | | |
| 6. Bumibili ako ng pagkaing nakabubusog kahit wala itongsustansiya | | | |
| 7. Umiinom ako ng softdrinks | | | |



**Kasunduan:**

Sumulat sa iyong sarili at ipaliwanag mo ang nagagawa sa iyo ng *junk food* at iba pang mga pagkaing masustansiya.

## Banghay-Aralin sa ESP Grade 4

| | |
|---|---|
| **PAMAGAT NG ARALIN** | Pagtitipid,<br>Magagawang Paraan Ko |
| **PANGKALAHATANG IDEYA** | Ang araling ito ay gagamitin bilang integrasyon ng araling pansalapi sa aralin tungkol sa pagpapahalaga sa lahat ng mga likha na nakatuon sa mga material na bagay o kagamitan. Naglalaman ito ng paksa tungkol sa pagtitipid ng enerhiya. |

### MGA PAMANTAYAN AT LAYUNIN

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Nauunawaan at naipakikita ang pananalig sa Diyos sa pamamagitan ng paggalang, pagtanggap at pagmamahal sa mga likha |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Naisasabuhay ang pananalig sa Diyos sa pamamagitan ng paggalang, pagtanggap at pagmamahal sa mga likha |
| **Mga Layunin** | Napahahalagahan ang lahat ng mga likha: may buhay at mga materyal na bagay: Mga Materyal na Kagamitan<br>*EsP4PD-IVh – i -13* |
| **Tema/Paksa** | Pagmamahal sa Diyos (Love of God) |
| **Kagamitan** | tsart ng tulang "Enerhiya'y Tipirin", mga sobreng may Lamang pira-pirasong kardbord na may nakatatak na ENERHIYA |
| **Pinagbatayan** | • K to 12 Gabay Pangkurikulum EsP 4, pp. 25 ng 76<br>• Teaching Guide on Financial Literacy pp. 122-125 (mga sitwasyon)<br>• https://www.google.com.ph/search (mga larawan) |

### FINANCIAL LITERACY CONCEPTS/VALUES

Batayang Kaisipan: Maraming paraan ng pagtitipid/Maagang simulant ang pagtitipid upang may magasta sa kinabukasan

Pagpapahalagang Lilinangin:

1. Naipakikita ang matalinong paggamit ng enerhiya
2. Natutukoy ang mga paraan ng pagtitipid ng enerhiya

### YUGTO NG PAGKATUTO

**A. Panimula: Pagganyak**


1. Pangkatin ang klase. Bubuuin ng walong kasapi ang bawat pangkat.
2. Bigyan ang bawat pangkat ng sobreng naglalaman ng 8 piraso ng kardbord na kapag nabuo ay magbibigay ng salitang ENERHIYA. Sabihin sa bawat pangkat na isa-isang kukuha sa sobre ang mga kasapi ng isang kardbord na may nakasulat na letra upang makabuo ng salita na ukol sa pinagkukunang-yaman. Kapag nabuo na ang salita ay pumalakpak ang pangkat. Ang unang matatapos at pumalakpak ang magwawagi.
4. Itanong: Anong salita ang inyong nabuo?

**B. Paglinang na Gawain:**

**a. Paglalahad:**

Sa inyong palagay, kaya ba nating magtipid ng enerhiya? Alamin natin sa tulang babasahin ngayon.

**ENERHIYA'Y TIPIRIN**



Sa loob at labas ng ating tahanan,
Ang gamit ng enerhiya laging namamasdan
Pagkat lahat yata ng ating kasangkapan,
Upang apaandar, enerhiya ang kailangan.

Dahil sa kahalagahan ng enerhiya sa atin
Nararapat lamang na paggamit ay tipirin
Gamitin nang wasto kasangkapan natin
Tiyak na enerhiya laging sasaatin.

Ilaw, radyo, telebisyon hindi dapat laging bukas
Kapag wala namang taong nangangailangan
Maglaba't mamalantsa nang maramihan
Upang gamit ng enerhiya'y mabawas-bawasan.

Palaging pagbubukas ng refrigerator
Iwasan kung nais mong magbawas ng gastos
Air conditioner ay hindi na dapat buksan
Kung malamig naman ang kapaligiran.

Paggamit ng enerhiya at natitipid din
Kung wasto ang paggamit ng kasangkapan natin
Perang matitipid maaaring gamitin
Sa iba pang mga pangangailangan natin.

V.V. Ambat

**b. Pagtatalakayan:**

Itanong:

1. Tungkol saan ang tula?
2. Ano ang ipinahihiwatig ng unang saknong ng tula?
3. Ano-anong kasangkapan/kagamitan ang nangangailangan ng enerhiya upang mapaandar?
4. Ano raw ang dapat gawin sa enerhiya?
5. Sa ano-anong paraan daw makatitipid ng enerhiya ayon sa tula?
6. Bakit mahalagang tipirin ang enerhiya?
7. Kailan ba tayo dapat magtipid ng enerhiya?
8. Makatutulong ba sa kinabukasan ng mga kabataan ang matalinong paggamit ng enerhiya? Patunayan.

**Paglalahat:**
Isulat sa graphic organizer ang nagpapakita ng matalinong paggamit at mahalagang-aral ang natutuhan ninyo batay sa ating tinalakay ng enerhiya.

*Ano-anong mahalagang-aral ang natutuhan ninyo batay sa ating tinalakay?*

**Paglalapat:**
Punan ang patlang upang makabuo ng isang makabuluhang pangungusap.

*Ako ay makatutulong sa pagtitipid ng enerhiya sa pamamagitan ng* ________________________________________.

**IV - Pagtataya:**
***Panuto:*** (Pasulat) Basahin ang maikling kalagayan at sagutin ang tanong. Sa bahay ng isang mayamang mag-anak, ang bawat silid ay may telebisyon. Paano kaya ang kanilang gagawin upang sa enerhiya? Lagyan ng tsek (/) ang kolum na tumutugon kung gaano kadalas mo ginagawa ang gawaing nakatala.

| Gawain | Palagi | Madalas | Paminsan-minsan |
|---|---|---|---|
| 1. Pinapatay ang ilaw kung matutulog na. | | | |
| 2. Iniiwasan ang madalas na pagbubukas at pagsasara ng refrigerator. | | | |
| 3. Pinapatay ang telebisyon kung nagkukwentuhan. | | | |
| 4. Tinatanggal sa saksakan ang electric fan kung aalis at kung hindi gagamitin. | | | |
| 5. Hindi na ginagamit ang washing machine kung mga panyo at maliliit na bagay lamang anglalabhan. | | | |



**Kasunduan:**
Isulat sa kalahating piraso ng ppel ang iyong pangako upang makatipid sa paggamit ng enerhiya. Dito ikuwento o isalaysay kung paano ang matalinong paggamit ng enerhiya.

## Banghay-Aralin sa ESP Grade 4

| | |
|---|---|
| **PAMAGAT NG ARALIN** | Ako ay Magtitipid Na! |
| **PANGKALAHATANG IDEYA** | Sa araling ito ay malalaman natin ang kahalagahan ng iba't ibang paraan na maaaring gawin upang makatipid. Tulad ng wastong pagpili ng mga pagkain at pag-iwas sa pagkakaroon ng sakit. |

### MGA PAMANTAYAN AT LAYUNIN

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Nauunawaan at naipakikita ang pananalig sa Diyos sa pamamagitan ng paggalang, pagtanggap at pagmamahal sa mga likha |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Naisasabuhay ang pananalig sa Diyos sa pamamagitan ng paggalang, pagtanggap at pagmamahal sa mga likha |
| **Mga Layunin** | Napahahalagahan ang lahat ng mga likha: may buhay at mga materyal na bagay (Pag-iwas sa pagkakaroon ng sakit) *EsP4PD-IVa-c-10* |
| **Tema/Paksa** | Pag-asa (Hope) |
| **Kagamitan** | mga larawan ng batang (babae na kumakain ng prutas at gulay, lalaki na kumakain ng potato chips, babae na umiinom ng soft drinks, lalaki na umiinom ng orange juice, babae na kumakain ng pananghalian, lalaki na nakikipaglaro ng patintero kasama ang iba pang bata), 2 puppet (1 batang babae at 1 batang lalaki), tsart ng dayalog "Si Lina at Si Lito" |
| **Pinagbatayan** | • K to 12 Gabay Pangkurikulum EsP 4, p. 25 ng 76<br>• Teaching Guide on Financial Literacy pp. 10-13 |

### FINANCIAL LITERACY CONCEPTS/VALUES

Batayang Kaisipan: Maraming paraan upang makapagtipid

Pagpapahalagang Lilinangin:

1. Naisasagawa nang kusa ang mga wastong gawi sa pagkain bilang isang paraan upang makapagtipid
2. Naisasagawa ang iba't ibang paraan ng pagtitipid

### YUGTO NG PAGKATUTO

**A. Panimula:**

**a. Pagganyak**

1. Ihanay ang mga larawan. Ipasabi kung ano ang ginagawa ng bawat bata salarawan.

2. Itanong: Alin-aling larawan ang nagpapakita ng wastong pagkain?
3. May larawan bang nagpapahiwatig ng iyong gawi sa pagkain?

Nakabubuti ba ito sa iyo? Bakit?

**b. Panlinang na Gawain**

**Paglalahad/Pagtatalakayan:**

**1.** Gamit ang mga puppet, basahin ang dayalog. Muling basahin ang dayalog at ipaulit sa mga bata ang mga linya nito.

**Si Lina at si Lito**

Uwian na. Pauwi sina Lina at Lito. Pakinggan ang kanilang usapan. (Ilabas ang mga puppet)

**Lina:** Uy, Lito, sabay na tayo.
**Lito:** Oo, Lina. Sabay na tayo. Pero, teka, dadaan lang ako sandali sa tindahan.
**Lina:** Ano ba ang bibilhin mo?
**Lito:** Bibili lang ako na potato chips at soft drinks.
**Lina:** Naku, huwag iyon. Hindi mo ba alam? Masama sa atin ang mga iyon. Mabuti pa, prutas ang bilhin mo. Pagkatapos, uminom ka na lang ng maraming tubig.
**Lito:** Hindi ko naman madalas gawin ito.
**Lina:** Pero diyan nag-uumpisa ang pagnanais na lagi kang kumain nito. Naalaala mo ba ang napanood natin sa telebisyon? Iyong batang nagkasakit sa bituka dahil sa sobrang pagkain ng junk food?
**Lito:** Kunsabagay, oo nga ano? Maalat at marami ngang sangkap ang potato chips na masama sa katawan natin. Sige sa bahay na lang ako kakain. Tiyak, may prutas sa amin. Kailangan nga pala, walong basong tubig ang iinomin natin araw-araw.
**Lina:** Kailangan sundin natin ang mga wastong gawi sa pagkain upang hindi tayo magkasakit. Paano tayo makapagtiipid kung magkakasakit tayo?
**Lito:** Oo nga. Pag nagkasakit tayo, tiyak, ubos ang ipon nina Nanay at Tatay.
**Lina:** Kumain din tayo sa tamang oras para malayo tayo sa sakit.
**Lito:** Tama ka, Lina. Kung walang magkakasakit sa ating mag-anak, makatitipid tayo sa gastusin at tuluy-tuloy ang pag-iimpok ng ating pamilya.
**Lina:** Oo, kahit sa ganitong paraan man lamang ay makapagtitipid tayo. O, sige, dito na ako. Bukas uli.
**Lito:** Sige, sabay tayo uli bukas.



**2.** Pag-usapan ang binasang dayalog

**a. Pagtalakayan**

- Sino-sino ang tauhan sa dayalog?
- Ano ang gusting gawin ni Lito?
- Bakit siya pinigil ni Lito?
- Paano naunawaan ni Lina na mali ang kanyang gagawin?

- Nagkaroon na ba ng pagkakataon sa buhay mon a kailangan mong mamili kung junk food o wastong pananghalian ang iyong kakainin? Ano ang iyong ginawa?
- Ano ang naramdman mo sa ginawang pagpili?
- Kung bibigyan ka ng isa pang pagkakataon, uulitin mo ba ang ginawa mo? Bakit?
- Ano ang natutuhan mo?
- Paano mo ipamamahagi sa iba nag mga natutuhan mo?

**b. Paghahalaw**

Ipasagot sa mga bata: Paano maisasagawa ang paraan ng pagtitipid sa pagkain nang hindi nababawasan ang sustansiyang kailangan ng katawan?

**c. Paglalahat**

Batay sa talakayan, ipabuo sa mga bata ang mensahe.

**IV - Pagtataya:**

Ilagay ang ☺ sa patlang kung tama ang ipinakikitang gawi at kung ☹ hindi.

_____1. Iniiwasan ni Lina na magkasakit.
_____2. Kumakain sa wastong oras si Nena.
_____3. Kinakain ni Lino ang lutong minatamis na saging ng kanyang nanay.
_____4. Paborito ni Lita ang junk food.
_____5. Nakapagtitipid ang mag-anak ni Mario dahil hindi siya nagkakasakit.



**Kasunduan:**

Umisip at iulat sa klase ang isang paraan ng pagtitipid na iyong ginawa.

| | |
|---|---|
| **PAMAGAT NG ARALIN** | Pag-eentreprenur, Madali Lamang |
| **PANGKALAHATANG IDEYA** | Ang araling ito tungkol sa pagiging Entrprenur ay nakatuon sa gawain na nakatutulong sa bansa at daigdig. Magiging gabay ito ng guro sa pagtalakay ng Pandaigdigang Pagkakaisa bilang integrasyon ng araling pansalapi. |

## MGA PAMANTAYAN AT LAYUNIN

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipapamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagpapakita ng mga natatanging kaugaliang Pilipino, pagkakaroon ng disiplina para sa kabutihan ng lahat, komitment at pagkakaisa bilang tagapangalaga ng kapaligiran |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa nang may disiplina sa sarili at pakikiisa sa anumang alituntunin at batas na may kinalaman sa bansa at global na kapakanan |
| **Mga Layunin** | *Nakikiisa nang buong tapat sa mga gawaing nakatutulong sa bansa at daigdig*<br>*EsP5PPP-IIIh-32* |
| **Tema/Paksa** | Pandaigdigang Pagkakaisa (Global Solidarity) |
| **Kagamitan** | mga sipi ng sanaysay "Jeepney: King of the Road," na hango sa aklat na Liwanag 5-pp. 221-222,<br>mga kardbord na may nakatatak ng mga pangalan at mga likha nila |
| **Pinagbatayan** | • K to 12 Gabay Pangkurikulum EsP 5, p. 78 ng 153<br>• Teaching Guide on Financial Literacy p. 113-117<br>• https://www.google.com.ph/search? (larawan sa kasunduan) |

## FINANCIAL LITERACY CONCEPTS/VALUES

Batayang Kaisipan: Pambansang Pagkakakilanlan at Pagmamalaki

Pagpapahalagang Lilinangin:

1. Naipakikita ang namumukod at kanais-nais na katangiang Pilipino (Pagiging malikhain)
2. Napatunayan na kailangan ang pagkamalikhain sa pag-eentreprenur

## YUGTO NG PAGKATUTO

### A. Panimula: Pagganyak

1. Ipaskil ang mga pangalan ng imbentor sa pisara. Ibigay sa isang bata sa bawat hanay ang kalahati ng kardbord na nakasulat ang imbensyon.
2. Hanapin ang imbentor na nakasulat sa hawak na kardbord. (Pagtambal-tambalin na ipabasa sa mga bata)
3. Anong katangian ang taglay ng bawat isa sa kanila?

**B. Panlinang na Gawain**

**a. Paglalahad**

Sabihin: Basahin natin ngayon ang kuwentong "Jeepney: King of the Road." Alamin kung paano nagamit ang pagiging malikahain sa pagtatagumpay ng isang negosyo.

**JEEPNEY:"KING OF THE ROAD"**

Nang idaos ang: World Energy Fair sa Knoxville, Tennesee kabilang ang ating bansa sa mga nagtanghal ng iba't ibang imbensyon na may kinalaman sa enerhiya. Nakatawag –pansin sa pagtatanghal ng Pilipinas ang isang modelo ng jeepney. Bukod sa mababang konsumo ng langis, ito rin ang kumakatawan sa ating lahi.

"Kahanga-hanga," bulalas ng isang dayuhang dumalo sa fair pagkakita sa jeepney. "Wala pa akong nakitang katulad nito sa alinmang panig ng daigdig," na siyang tunay pagkat dito nga lamang sa atin ang may jeepney.


Sariling likha ng mga Pilipino ang jeepney, bagama't ito ay nagmula sa mga sasakyang pandigma na tinawag na Willy's jeep. Ginamit ito ng mga Amerikano noong liberasyon, nang palayain nila tayo sa pananakop ng mga Hapones.

Bunga ng kakapusan ng sasakyan noong digmaan ay binili ng ilang negosyanteng Pilipino ang mga nalalabing Willy's jeep ng mga Amerikano. Kabilang dito sina Leonardo Sarao, Anastacio Francisco, Legaspi at Magsikap na pawang may pag-aari ng planta sa Zapote at Las Piñas. Binago nila ang kabuuan ng Willy's jeep upang higit na marami ang mailulan dito. Pagkatapos ay pinintahan nila ito, nilagyan ng sari-saring disenyo at palamuti, at ginayakan ng parang sarili nilang bahay.

Ang naging resulta ay ang mga jeepney na madalas nating makita at sakyan araw-araw; mga tila umaandar na art gallery. Kung minsan sa harapan nito ay may estatwang metal tulad ng kabayo, manok, at ibon. Mayroon ding banderitas na plastik, antenang pagkahaba-haba, at kung ano-ano ang sabit-sabit. Sa loob naman nito ay karaniwang bubulaga sa iyo ang sari-saring graffiti: "God knows hudas not pay," "Hindi baleng pangit, huwag lang masungit," "Pakiipit nang Huwag masilip," "Barya po Lamang". May kurtina ang mga bintana nito at mayroon pang munting altar na masasabitan ng mga sampagita at everlasting sa mga dakong driver's seat. Sa kabuuan isinasalarawan ng jeepney ang mas likas na kaugaliang Pilipino-ang pagiging relihiyoso, masayahin, romantiko, artistiko, masining at malikhain.

Pinakapopular na sasakyang panlupa ang jeepney, kaya nga tinaguriang "king of the road". Alin nga bang sasakyan ang nakasisingit sa masikip na daan? Alin nga bang sasakyan ang naisasabak sa mahabang paglalakbay? Alin pa nga ang pinakamura't mainam na sakyan kundi ang jeepney. Kaya…Soria! Soria! Isa na lang lalakad na.

(Hango sa "Larawan 5" pp. 221-222)




**b. Pagtatalakayan**

- Saan idinaos ang World Energy Fair?
- Ano ang inilahok ng ating bansa?
- Bakit namumukod ang jeepney?
- Ano-anong likas na kaugaliang Pilipino ang inilalarawan ng jeepney?
- Alin sa mga katangiang nabanggit ang taglay ng mga may-ari ng planta ng jeepney?
- Paano ito nakatulong sa pag-unlad ng kanilang buhay?
- Dapat bang tularan si Anastacio Francisco? Bakit?
- Ano sa inyong palagay ang dahilan at naging sikat ang jeepney na gawa ni Anastacio Francisco?
- Bakit mahalaga sa isang entreprenur ang pagiging malikhain?

**c. Paglalahat**

Ipasagot ang tanong upang mabuo ang paglalahat. Batay sa leksyon na ating tinalakay, anong mahalagang katangian ang dapat taglayin ng isang entreprenur?

**d. Paglalapat:**

Gabayan ang mga bata na makapaglahad batay sa kanilang karanasan na ang pagiging malikhain ay mahalaga sa isang entreprenur.

Halimbawa:

Mas mabili ang saranggolang makulay at yari sa manipis na tela.
Mas mabili ang taho na may sago.

**IV - Pagtataya:**

Panuto: Lagyan ng tsek (/) sa kolum ng Oo o Hindi kung nagpapakita ng pagkamalikhain o hindi.

| Kalagayan | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Ang basyo ng mga softdrinks ay ginawang makukulay na parol. | | |
| 2. Ang mga lumang tsinelas ay ginawang mga superheroes/ cartoon characters. | | |
| 3. Ang lumang damit ay ginawang basahan. | | |
| 4. Ang mga lata ay ginagawang laruan. | | |
| 5. Gumawa ng bag at mga pitaka mula sa straw ng softdriks. | | |



**Kasunduan:**

Ano-anong bagay ang pwedeng malikha mula sa mga basurang ito upang maging kapaki-pakinabang? Iguhit sa kwaderno ang inyong sagot.

**PAMAGAT NG ARALIN** Astig na mga Pinoy

**PANGKALAHATANG IDEYA**
Iba – iba ang paraan ng mga tao sa pagharap sa hamon ng pagsubok ng buhay. Ang araling ito ay naglalaman ng mga halimbawa ng Pilipino na hinarap ang hamon ng buhay gamit ang kanilang kakayahan.

## MGA PAMANTAYAN AT LAYUNIN

**Pamantayang Pangnilalaman**
Naipapamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pananalig sa Diyos na nagbibigay ng buhay
Hal. palagiang paggawa ng mabuti sa lahat

**Pamantayan sa Pagganap**
Naisasabuhay ang tunay na pasasalamat sa Diyos na nagkaloob ng buhay

**Mga Layunin**
Nakapagpapakita ng iba't ibang paraan ng pasasalamat sa Diyos
*EsP5PD-IVe-i-15*

**Tema/Paksa**
Ispiritwalidad (Spirituality)

**Kagamitan**
mga sipi ng sitwasyon:
- Ang Magsasapatos
- Ang Manggagawa sa Kakanin
- Ang Magbabasura

**Pinagbatayan**
- K to 12 Gabay Pangkurikulum EsP 5, p. 79 ng 153
- Teaching Guide on Financial Literacy p. 139-143

## FINANCIAL LITERACY CONCEPTS/VALUES

Kapag ang pagtitipid ay nasa isipan at damdamin ng mga batas ang may pag-unlad sa hinaharap ang mga ito

## YUGTO NG PAGKATUTO

### A. Panimula: Pagganyak

Itanong:
- May alam ba kayong maliliit na industriya sa inyong lugar tulad ng paggawa ng mga walis, bag, sombrero, o mga minatamis, mga kakanin? Ilarawan ito.
- Bakit ang ibang namumuhunan ay nagtatagal at ang iba ay nawawala o natitigil?
- Paano nila napananatiling magtagumpay ang kanilang sinimulang maliliit na negosyo?

### B. Panlinang na Gawain:

1. Pangkatin sa tatlo ang mga mag-aaral. Bigyan ng kard ng gawain ang bawat pangkat kung saan nakasulat ang sitwasyon.

Sitwasyon 1:

## Ang Magsasapatos

Sa kanyang bahay lamang ang pagawaan ng sapatos, tsinelas, at sinturon ni Mang Ben. Limang tao ang inuupahan niyang manggagawa. Matiyaga niyang sinusuri at tinitingnan ang bawat sapatos, tsinelas, o sinturon. Sinusuri niya kung tama ang pagkakatahi at pagkakadikit ng mga bahagi. Mura lang niyang nabibili ang mga balat o katad.

Ang pinagtabasan ng katad para sa sapatos ay ginagamit sa paggawa ng tsinelas. At ang natitira ay ginagawan ng paraan upang mabuong sinturon sa lahat ng pagkakataon, kung makakatipid ay nagtitipid si Mang Ben. Kaya naman, mababa na ang halaga ng produkto nila matibay pa. Dahil sa mataas na kalidad ng mga sapatos, tsinelas, at sinturon ni Mang Ben, marami siyang kostumer sa tindahan.

Sitwasyon 2:

## Ang Tagaluto ng Kakanin

Maagang nabiyuda si Aling Merang. Dalawa ang kanyang anak, kaya sa kanya nakaatang ang responsibilidad sa pagpapalaki at pagpapaaral ng mga ito. Ginamit niya ang kahusayan sa pagluluto ng suman, puto, at biko. Umupa siya ng maliit na espasyo sa palengke at doon siya nagtinda ng mga kakanin.
Lahat ng paraan ng pagtitipid ay ginagawa niya. Naghahanap siya ng mabibilhan ng murang malagkit, niyog, at asukal na ginagamit niya sa paggawa ng kakanin. Noong buhay pa ang asawa mahilig siyang manood ng sine. Ngayon ay hindi na siya nanonood upang makatipid. Sa TV na lang siya nakakapanood ng mga palabas.

Naipamana niya sa kanyang mga anak ang pagtitipid sa mga gamit at maging sa oras. Nang lumaon katulong na ni Aling Merang ang mga anak. Nakapagluluto na rin sila ng iba't ibang kakanin tulad ng kalamay, bibingka, espasol, at sapin-sapin na nakaangat sa lasa at sarap. Nagkaroon na rin siya ng sariling puwesto. Maaaring umorder sa kanila kapag may okasyon at handaan.

Sitwasyon 3:

### Ang Magbabasura

Tuwing mapupunta sa bayan si Vergel ay napapadaan siya sa junk shop ng Intsik na si Lao Chung. Naging palaisipan sa kanya ang mga tambak ng lumang dyaryo, tanso, sirang gamit na yari sa aluminyo, at plastik. Napag-alaman niyang ang mga ito ay hindi lang basta basura kundi mapagkakakitaan din.

Sa simula ay namumulot si Vergel ng mga plastik, mga sirang gamit na yari sa tanso o aluminyo, at mga pira-pirasong lata at dinadala kay Lao Chung upang ipagbili. Nang lumaon ang halagang napagbibilhan niya ay tinitipid niya hanggang sa makaipon siya. Ginamit niya ito sa pagbili ng mga patapong gamit, lumang dyaryo, at iba pang mga pagkakakitaang basura. Natotohan niya ang pagbabahay-bahay upang makatipid. Kung minsan, halos ipamigay na sa kanya ang mga sirang gamit.

Naging inspirasyon niya ang junk shop ni Lao Chung. Hindi naglaon nagtayo na rin siya ng sariling bodega ng basura sa maliit na espasyo sa bakuran nila. Sa madaling sabi, lumaki ang junk shop ni Vergel. Hindi siya nakatapos ng pag-aaral dahil sa pagkalulong sa pagbili at pagtitinda ng mga mapagkakakitaang basura. Ngunit isa na rin siyang maunlad na may ari ng junk shop.

2. Ipabasa sa pisara ang mga katanungang sasagutin ng bawat pangkat batay sa sitwasyong naibigay sa kanila.
   a. Paano naipakita ang katangiang pagtitipid sa sitwasyon? Ipaliwanag.
   b. Namamana rin ba ng katangian sa pagnenegosyo? Bigyan ng katwiran ang sagot.
   c. Paano nila napapanatili ang kanilang negosyo kahit maliit?
   d. Ano-anong iba pang katangian maliban sa pagtitipid ang naipahihiwatig ng mga sitwasyon? Patunayan.

**C. Pangwakas na Gawain**

**a. Paglalahat:** Gabayan ang mga mag-aaral sa pagbubuo ng paglalahat.

- *Ang pagtitipid kapag naisaisip at naisadamdamin, may pag-unlad na mararating.*
- *May magagandang huwaran sa buhay ang mga nagtatagumpay sa pangangasiwa ng industriya.*

**b. Paglalapat:**

1. Bigyan ng katuwiran ang sumusunod na katangian.
   - matipid sa pagbili ng gamit
   - matiyaga sa gawain
2. Alin sa mga katangiang nasa loob ng parihabang kahon ang hindi kanais-nais sa negosyo? Paano nakatutulong ang mga kanais-nais na katangian sa industriya?

| | | |
|---|---|---|
| *Masipag<br>*Bugnutin<br>*Ningas cogon<br>*May tiwala sa sarili<br>*Masinop<br>*May dedikasyon sa trabaho<br>*Marunong makisama | *Malakas ang loob<br>*May pagkukusa<br>*Iresponsable<br>*Mahina ang loob<br>*Mapagtanto sa oportunidad<br>*Walang tiwala sa sarili<br>*Handing sumabay sa globalisasyon | *Malikhain<br>*Crab mentality<br>*May bisyo<br>*Mañana habit<br>*Marunong<br>*Tumatanggap ng puna |

3. Magdagdag pa ng mga katangian upang maging matagumpay na mamumuhunan.

**IV – Pagtataya**


Ipasagot ang pagtataya nang pasalita:

1. Sa mga napag-aralang sitwasyon may pananagutan ba ang mamumuhunan sa kalidad ng produkto? (Meron po, sapagkat kung kanyang bibigyan ng pansin ang pagkakagawa o pagkakayari ng produkto, lalabas na matibay, maganda o masarap ang produkto.)

2. Sa sitwasyong “Ang Manggagawa ng Kakanin” paano naipakita ang pagkamalikhain? (Ang naiibang lasa at sarap ng kakanin.)

3. Paano nakatutulong ang kasipagan at katapatan sa maliit na negosyo? (Nagiging maayos at mabunga ang paggawa.)

4. Kung may pagkakataon maaari ka rin bang maging entreprenur? (Tanggapin ang anumang isasagot ng mga bata.)



**Kasunduan**

Kumalap ng kuwento at lathalain sa mga bago o lumang babasahin na nagtatampok sa isang negosyante. Basahin, gupitin, at idikit sa malinis na papel. Isulat ang napulot na aral sa ibaba ng kuwento. Ipakita sa guro.

## Banghay-Aralin sa ESP Grade 6

| | |
|---|---|
| **PAMAGAT NG ARALIN** | Pagiging Matapat , Aking Tutularan |
| **PANGKALAHATANG IDEYA** | Sa araling ito ay ating mapahahalagahan na sa pagtitipid maaari din nating maipapakita ang pagiging matapat lalo na sa pera. Ito ay katangiang ating maipagmamalaki at karapat-dapat na tularan ng iba. |
| **MGA PAMANTAYAN AT LAYUNIN** | |
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagan ng pagsunod sa mga tamang hakbang bago makagawa ng isang desisyon para sa ikabubuti ng lahat |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ang tamang desisyon nang may katatagan ng loob para sa ikabubuti ng lahat |
| **Mga Layunin** | Naisasagawa ang tamang hakbang na makatutulong sa pagbuo ng isang desisyon na makabubuti sa pamilya:<br>1.1 pagsusuri nang mabuti sa mga bagay na may kinalaman sa sarili at pangyayari<br>*EsP6PKP-Ia-i-37* |
| **Tema/Paksa** | Mapanuring Pag-iisip (Critical Thinking) |
| **Kagamitan** | tsart na may nakasulat na maikling kuwento; larawan ng batang may hawak na alkansiyang kawayan; papel, lapis, krayola, pera |
| **Pinagbatayan** | • K to 12 Gabay Pangkurikulum EsP 6, p. 81 ng 153<br>• Teaching Guide on Financial Literacy p. 74-76 |

### FINANCIAL LITERACY CONCEPTS/VALUES

***Batayang Kaisipan:*** Maraming paraan upang makapagtipid

***Pagpapahalagang Lilinangin:***

1. Naiiwasan ang mga maling gawain katulad ng pangungupit
2. Naisasagawa ang iba pang paraan ng pagtitipid

## YUGTO NG PAGKATUTO

**A. Panimula:**

**Pagganyak**

Ipakita ang larawan ng batang may hawak na alkansiya.

Itanong: Ano ang ipinakikita ng larawan? Nahuhulugan nyo ba ito? Anong ginagawa nyo para mahulugan ito?

**B. Panlinang na Gawain**

**a. Paglalahad:**

Ipabasa ang maikling kuwentong "Matipid Na, Matapat Pa."

]

**Matipid Na, Matapat Pa**

Si Arman ay isang batang matipid at matapat. Hindi siya gumagastos para sa mga walang kwentang bagay. Sa halip, iniipon niya ang labis niyang pera at inilalagay sa alkansiyang kawayan.

Minsan inutusan si Arman ng kanyang ina na bumili ng ulam para sa hapunan nila. Hindi inakal ni Arman na may sukli pa siya sa tatlumpong pisong ibinayad niya. Natuwa siya sabay bulsa ng sukli.

Habang naglalakad pauwi, naisip ni Arman na kupitin ang pera ngunit kanyang naalala na ang perang ipinambili niya ay kita ng ina sa paglalako ng paninda sa palengke.

Ano sa palagay mo ang ginawa ni Arman?

Pagdating ng bahay, iniabot niya ang sukli sa ina. "Matapat ka, anak. Kunin mo na ito at idagdag sa alkansiya mo," pahayag ng ina.

**b. Pagsusuri:**

Itanong:

1. Ano ang pangalan ng bata sa kuwentong nabasa?
2. Ano ang nagyari nang minsang utusan siya?
3. Paano niya pinangasiwaan ang sitwasyon?
4. Ano sa palagay mo ang nararamdaman ni Arman sa katapusan ng kuwento?
5. Kung ikaw si Arman, ano ang gagawin mo? Bakit?
6. Magbigay ng iba pang paraan ng pagtitipid.
7. Magbahagi ng sariling karanasan kaugnay ng pagtitipid.

**C. Pangwakas na Gawain**

**a. Paghahalaw:**

Patnubayan ang mga bata na maintindihan na may iba't ibang paraan upang makapagtipid at hindi sa paraang pangungupit.

**b. Paglalapat:**

1. Ipalabas ang ilang kagamitan ng mga bata tulad ng papel, lapis, krayola, at pera.
2. Patingnan ang mga gamit sa kanila. Itanong:
   a. Alam ba ninyo kung magkano ang halaga ng mga gamit na iyan?
   b. Nagagamit ba ninyo nang wasto ang mga iyan? Paano?
   c. Papiliin ng isang gamit ang bawat mag-aaral at ipapaliwanag ang wastong paggamit nila nito.

## IV - Pagtataya

a. Panuto: Isulat sa papel ang letrang **T** kung ang pangungusap ay nagpapakita ng paraan ng pagtitipid na hindi nangungupit at letrang **M** kung nagpapakita ng pagtitipid ngunit nangungupit.

_______1. Hindi ko ginagasta ang baon kong pera pag rises. Sa halip, humihingi na lang ako sa mga kaklase ko.

_______2. Maingat kong ginagamit ang aking krayola para hindi agad maputol.

_______3. Inihuhulog ko sa lakansiya ang sukli ng mga bagay na pinabibili ni ate at kuya.

_______4. Humihingi ako ng ilang piraso ng papel sa kaklase ko para hindi maubos agad ang gamit ko.

_______5. Itinatago ko ang lapis sa tamang lalagyan para hindi agad ito maputol.



**KASUNDUAN**

Bilang isang miyembro ng inyong pamilya, paano ka tumutulong upang mabawasan ang mga bayarin at gastusin ninyong mag-anak?

Halimbawa:

| | | |
|---|---|---|
| baon | kuryente | tubig |
| pagkain | damit | gadget |
| kalusugan | libangan | |

| | |
|---|---|
| **PAMAGAT NG ARALIN** | Sa Pag-iimpok, Ako ay Makatutulong |
| **PANGKALAHATANG IDEYA** | Sa araling ito ay maipauunawa ang halaga ng pag-iimpok at ito ay maaaring magsisimula sa sariling pamamaraan. Daan ito sa pag-unlad ng kabuhayan ng pamilya at sa kapakinabangan natin sa pamayanan. |

## MGA PAMANTAYAN AT LAYUNIN

| | |
|---|---|
| **Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ang pag-unawa sa kahalagahan ng pagmamahal sa bansa at pandaigdigang pagkakaisa tungo sa isang maunlad, mapayapa at mapagkalingang pamayanan |
| **Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ang mga gawaing nagbibigay inspirasyon sa kapwa upang makamit ang kaunlaran ng bansa |
| **Mga Layunin** | Naipakikita ang pagiging malikhain sa paggawa ng anumang proyekto na makakatulong at magsisilbing inspirasyon tungo sa pagsulong at pag-unlad ng bansa *EsP6PPP-IIIh-39* |
| **Tema/Paksa** | Pag-iimpok at Matalinong Pamamahala ng Mapagkukunan ng Resorses |
| **Kagamitan** | tsart ng kuwento, editoryal kartun, mga larawan (dalawang mukha ng buhay) |
| **Pinagbatayan** | • K to 12 Gabay Pangkurikulum EsP 6, p. 34 ng 76<br>• Teaching Guide on Financial Literacy p. 126-131 |



## FINANCIAL LITERACY CONCEPTS/VALUES

***Batayang Kaisipan:***

Mahalaga ang pag-eentreprenur sa pag-unlad ng kabuhayan

***Pagpapahalagang Lilinangin:***

1. Naisasagawa ang pagpapalaganap ng konsepto na ang mag-anak ay na kapag sisimula ng kapaki-pakinabang na proyektong pantahanan at pangkabuhayan
2. Napahahalagahan ang pag-eentreprenur sa pag-unlad ng kabuhayan

## YUGTO NG PAGKATUTO

### A. Panimula: Pagganyak

**1.** Ipakita sa mga bata ang isang editoryal kartun, larawang ginupit, o kinuhang larawan nanagpapakita ng dalawang mukha ng buhay (pagiging mahirap at nakaangat).

**2.** Paghambingin ang dalawang larawan.

Itanong:

- Ano ang masasabi ninyo sa larawan A? larawan B?
- Ano ang hinuhang mabubuo sa dalawang larawan?

**B. Panlinang na Gawain**

**a. Paglalahad:**

1. Ipakita ang larawan. Sabihing ang nasa larawan ay si Kristine.
2. Itanong: Ano ang ginagawa ni Kristine? Bakit niya ito ginagawa?
3. Ipabasa nag maikling kuwentong nakasulat sa tsart.

**Sa Maliit Nagsisimula**

Lumalaki na ang pamilya nina Kristine. Noong nakaraang araw ay nanganak ang kanyang ina sa ikalima niyang kapatid. Nararamdaman ni Kristine ang hirap ng buhay. Dahil rito, maingat at matiyaga siyang naglalakad pagpasok sa paaralan at pag-uwi ng bahay ng hindi alam na kanyang mga magulang. Iniipon niya ang kanyang baon dahil gusto niyang makatulong sa kanyang mga magulang.

Nang makaipon na siya ng sapat na halaga, kinausap niya ang kanyang ina. Ipinaliwanag niya sa ina na maaari silang makapagsimula ng kapaki-pakinabang na gawaing pangkabuhayan sabay abot sa ina ng perang naipon niya. Napaiyak sa tuwa ang kanyang ina. Ipinagmamalaki niya ang kanyang anak.

4. Ipasagot ang mga sumusunod:

**a. Pagtatalakay sa kuwento**

1. Kaninong pamilya ang lumalaki na ang bilang?
2. Ilang magkakapatid sina Kristine?
3. Ano ang napansin at naramdaman ni Kristine tungkol sa lumalaki nilang pamilya?
4. Ano ang naisip niyang gawin na hindi alam ng kanyang mga magulang?
5. Bakit napaiyak sa tuwa ang kanyang ina?

**b. Pagpapasya:**

1. Kung ikaw si Kristine, magagawa mo rin bang maglakad sa pagpasok sa paaralan at pag-uwi para lamang makaipon?
2. Sa murang gulang ni Kristine, kailangan ba niyang magsakripisyo para sa kanyang pamilya? Bigyan mo ito ng katwiran.

**c. Subukin ang sarili**

**Panuto:** Sagutin ng **Opo** kung tama at **Hindi Po** kung mali.

_______ 1. Mayayaman lamang ang magtatagumpay sa negosyong pangkabuhayan dahil may pera sila.

_______ 2. Ang mag-anak ay maaaring makapagsimula ng kapaki-pakinabang na gawaing pangkabuhayan.

_______ 3. Hindi masama ang kaisipang pagsisimula ng kapaki-pakinabang na kabuhayan.

_______ 4. Ang maliit na pagkakakitaan ay hindi nangangailangan ng malaking puhunan.

_______ 5. Ang konsepto ng pagsisimula ng maliit na pagkakakitaan ay dapat na binibigyan ng pansin ng mag-anak.

**5. Pangkatang-Gawain**

**a.** Magkunwaring isang mag-anak ang bawat isang pangkat. Ang bawat isang bata ay may gagampanang papel bilang miyembro ng pamilya. Sila ay mag-uusap upang bumuo ng isang proyektong pantahanan at pangkabuhayan. Sundin ang bakangkas.

**Pangalan ng Proyekto** ____________________

**I – Gawain ng mga miyembro sa pagsasaliksik ng negosyong itatayo:**

A. ____________________
B. ____________________
C. ____________________
D. ____________________

**II – Gawain ng mga miyembro sa paglikom ng puhunan:**

A. ____________________
B. ____________________
C. ____________________
D____________________

**III – Gawain ng mga miyembro sa pagpapatakbo ng negosyo:**

A. ____________________
B. ____________________
C. ____________________
D. ____________________

**IV – Kapakinabangan ng proyekto sa mag-anak:**

A. ____________________
B. ____________________
C. ____________________
D. ____________________

**b.** Ipaulat sa klase ang kanilang nagawang plano.

**c.** Patnubayan ang mga bata sa pagbuo ng makatutuhanang plano o balak.

**C. Pangwakas na Gawain**

**a. Paghahalaw:**

Patnubayan ang mga bata sa pagbuo ng kaisipan.

- Ang bawat isa ay may karapatang magsimula ng kapaki-pakinabang na proyektong pantahanan.
- Kinakailangan ang puhunan upang makapagsimula ng proyektong pangkabuhayan.
- Ang pagtutulungan ay kailangan upang makapagsimula ng proyekto.

**b. Paglalapat:**

Ipaguhit sa mga bata ang larawan ng isang mag-anak na sama-samang kumikita sa kanilang pagsisimula ng proyekto. Pagkatapos ay gupitin itong katulad ng isang puzzle. Maaaring magpalitan ng puzzle ang mga grupo at magkaroon ng laro.

## IV - Pagtataya:

Pasagutan ang tseklis.

| Gawain | Oo | Hindi |
|---|---|---|
| 1. Makikipagtulungan ako sa pagsasaliksik ng kapaki-pakinabang na negosyo. | | |
| 2. Magiging bahagi ako ng aming mag-anak sa paglikom ng kinakailangang puhunan. | | |
| 3. Magsisikap ako na mapaunlad ang aming pantahanang kabuhayan. | | |
| 4. Ibabahagi ko ang aking naipong pera sa sisimulang negosyo ng aming pamilya. | | |
| 5. Ang pag-iisip ng proyektong pangkabuhayan ay para lamang sa mga matatanda at hindi sa mga mag-aaral na tulad ko. | | |



**KASUNDUAN**

Bilang isang mag-aaral, paano ka makatutulong sa iyong pamilya upang makapag-impok?

**PAMAGAT NG ARALIN** Plano sa Masayang Buhay

**PANGKALAHATANG IDEYA**

Ang panahon ng pagdadalaga/pagbibinata ang pinakamagandang panahon upang maging matibay ang batayan ng mga pagpapahalaga ng isang tinedyer.
Ang maunlad na kinabukasan ay nakasalalay sa pagganap nila ng tungkulin kasabay ang maayos na pangangasiwa ng pera tulad ng pagtitipid, pag-iimpok, at simpleng buhay ngunit masaya.

**MGA PAMANTAYAN AT LAYUNIN**

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamamalas ng mag- aaral ang pag-unawa sa kanyang mga tungkulin sa bawat gampanin bilang nagdadalaga / nagbibinata.

**Nilalaman:** Mga Tungkulin Bilang Nagdadalaga/Nagbibinata

**Pamantayan sa Pagganap:** Naisasagawa ng mag-aaral ang mga gawaing angkop sa maayos na pagtupad ng kanyang mga tungkulin sa bawat gampanin bilang nagdadalaga/nagbibinata

**Mga Layunin:**

- Napatutunayan na ang pag-unawa ng kabataan sa kanyang mga tungkulin sa sarili, bilang anak, kapatid, mag-aaral, mamamayan, mananampalataya, kosyumer ng media at bilang tagapangalaga ng kalikasan ay isang paraan upang maging mapanagutan bilang paghahanda sa susunod na yugto ng buhay. (EsP7PS- Ih-4.3)
- Naisa-isa ang mga gawain na nagpapakita ng pagtitipid at tamang pangangasiwa sa pera upang makatulong sa mga magulang.
- Nasusuri ang sarili pananaw sa pag-iimpok at pangangasiwa ng pera upang makagawa ng isang maayos na hakbang sa paghahanda sa susunod na yugto ng buhay bilang bahagi ng pagganap sa mga tungkulin.

**Tema/Paksa:** Mga Tungkulin Bilang Nagdadalaga/Nagbibinata
**Kagamitan:** Video- Alkansiya, Hindi Aksaya!
(www.bsp.gov.ph/multimedia/flcvids_7.asp)
Live Simply, Save Early, Live Within Your Means,
Live Life to the Fullest
https://www.youtube.com/watch?list=PL0ytjRCMkSZinxBI91gvTI90TjCMEjxr1&time_continue=7&v=8UjEOyYcNJ8

**Pinagbatayan:**

- Teaching Guide on Financial Literacy in EsP -pp. 75-81,
- EsP 7 Learners Material,
- BSP Financial Literacy Advocacy Multimedia

## YUGTO NG PAGKATUTO

**Panimula (Tuklasin)**

Gawain 1 (Isahang Gawain)

*Panuto:* Sa bawat aytem, lagyan ng tsek (✓) ang kolum kung nagagawa mo ang isinasaad sa bawat tungkulin at ekis (×) ang katabing kolum kung hindi. Maging tapat sa mga sagot upang tunay na mataya ang kakayahan sa pagtupad ng mga tungkulin.

| Mga Tungkulin | Nagagawa Ko | Hindi Ko Nagagawa |
|---|---|---|
| Pag-iimpok ng pera mula sa binibigay na baon | | |
| Pagtatapon ng basura sa tamang lugar | | |
| Pag-iisip muna bago bumili ng mga bagay na nauuso. | | |
| Paggawa ng takdang-aralin habang maaga pa upang makatulog din nang mas maaga. | | |
| Pagtulong sa pagbabadyet ng gastusin ng pamilya. | | |
| Pagiging mapanuri sa mga bibilhing produkto . | | |
| Paggamit ng mga teknolohiya (hal. *internet*) nang may disiplina | | |
| Pag*recycle* ng mga tirang pagkain,at mga lumang gamit sa bahay. | | |
| Paghihiwa-hiwalay ng basura sa tahanan | | |
| Pagtingin hindi sa tatak (*brand*) ng isang produkto kundi sa kalidad nito | | |
| Pagtitipid sa paggamit ng tubig, at mga pinagkukunang-yaman. | | |
| Pag-iwas sa pagtangkilik sa mga pekeng produkto tulad ng *cd tape,* sapatos, atbp. | | |

Bilangin at tingnan ang iyong nakuhang iskor at alamin kung nasa anong antas ka sa pagtupad ng iyong mga tungkulin:

| Iskor | Antas ng Pagtupad ng Tungkulin |
|---|---|
| 10-12 | Napakahusay ng pagtupad ng mga tungkulin |
| 7-9 | Mahusay ang pagtupad ng mga tungkulin |
| 4-6 | Hindi Mahusay ang pagtupad ng mga tungkulin |
| 0-3 | Kailangang matutuhan ang mga paraan pagtupad ng mga tungkulin |

Sagutin ang mga inihandang tanong sa ibaba.

1. Naging madali ba ang iyong pagsagot sa tseklist? Bakit? Bakit hindi?
2. Ano ang iyong naging pagtataya sa iyong kakayahan sa pagtupad sa iyong mga tungkulin bilang nagdadalaga/nagbibinata mula sa gawain?
3. Anu-anong mga tungkulin ang nagpapakita ng pagtitipid at tamang pangangasiwa sa pera ang tinukoy sa gawain?
4. Ano ang mahalagang aral na iyong nakuha mula sa gawaing ito?
5. Ano kaya ang makatutulong upang magawa mo ang mga hindi mo pa nagagawa?

**Paglinang (Linangin)**

Pangkat 1- Buuhin mo Ako!
Panuto: Ano ang maaring gawin sa mga natirang pagkaing na nasa hanay A?
Ayusin ang mga ginulong titik sa hanay B upang mabuo ang tamang sagot.

| A | B |
|---|---|
| 1. Kanin- | nasignga |
| 2. Hinog na saging- | loye con basa |
| 3. Hilaw na papaya | rasaat |
| 4. lechon kawali | sikpaw |
| 5. Isda | cheescabe |

Pangkat 2- Deal or No Deal!
Panuto:Suriin kung ang mga pahayag ay pagtitipid o hindi.
Isulat ang DEAL kung pagtitipid at NO DEAL kung hindi.

1. Pagsaing ng pagkain na sapat lamang para sa buong pamilya.
2. Pamamalantsa ng mga damit sa tuwing gagamit lamang.
3. Paggamit ng palanggana sa paghuhugas ng mga pinagkainan.
4. Palitan ang kurtina sa loob ng dalawang linggo upang hindi umitim.
5. Linisin kaagad ang mga kaldero at huwag hayaang tumigas ang mga mantika o dumi nito.

Pangkat 3- Itala mo Ako!
Panuto: Sumulat ng 5 paraan ng pagtitipid bilang tungkulin mo sa sarili.

Pangkat 4- Magbadyet Tayo!
Panuto: Sumulat ka ng 5 hakbang upang makatulong sa magulang sa wastong pangangasiwa ng pera.

Pangkat 5- Yayaman Ako!
Panuto: Itala ang mga maaari mong gawin upang makatulong sa pag-iipon ng pera nang makatulong sa pagtugon sa pangangailangan ng pamilya.

**PAG-UULAT**

Panuto:
Pumili ng lider o isang miyembro sa bawat pangkat na mag-uulat sa buong klase ng inyong ginawa. Bigyan tuon ang mga karagdagang kaalaman sa pagganap ng tungkulin na makatutulong sa paglinang ng pagpapahalaga sa pag-iimpok, pagtitipid,at wastong pangangasiwa sa pera.
Talakayin sa mga mag-aaral ang mga kaalaman ibinahagi ng bawat pangkat at magbigay ng mga karagdagang halimbawa at paliwanag upang higit na mapalalim ang konsepto sa wastong pangangasiwa ng pera para sa mas higit na makabuluhang pagtupad ng tungkulin tungo sa maunlad na pamumuhay.

**Pagpapalalim (Pagpapalawak ng Kaalaman)**

*Pagpapahalaga sa mga Gawaing Nagbibigay daan sa Pagkakaroon ng Maunlad na Kinabukasan*

Maraming gawain at paraan ang maaaring maging daan upang magkaroon ng maunlad na kinabukasan. Nariyan ang pagpapahalaga sa mga gawaing bahay na maaaring pagkunan ng mga mahahalagang aral bilang paghahanda sa iba't ibang uri ng gawain sa buhay. Ang paghuhugas ng plato, pagluluto at paglalaba ay ilan lamang sa mga gawaing bahay na maaaring matutunan at pagkunan ng magagandang aral. Huwag maging pihikan sa mga gawaing iniaatas ng mga magulang dahil mula sa maliliit na gawaing ito, mahahasa ka upang maging mahusay sa mga gawaing mabibigat sa hinaharap.

Bigyan din ng pagpapahalaga ang mga gawaing pampaaralan at pansilid-aralan. Halimbawa, ang paglilinis ng silid-aralan ay bahagi ng pagsasanay upang maging eksperto sa iba't ibang uri ng gawain. Mahalagang matutunan ang pagtatrabaho ng mag-isa ngunit kailangan ding matutong magtrabaho katuwang ang ibang tao. Ang pagtulong sa mga guro at kamag-aral sa mga gawain ay isang paraan upang maisabuhay ang mabuting pakikitungo sa kapwa. Kung masasanay ka sa mga gawaing katuwang ang ibang tao, siguradong hindi ka mahihirapang tanggapin ang mga gawain sa hinaharap na kinakailangan ang kasama o katuwang.

Ang pag-aaral ay gawaing daan tungo sa maunlad na kinabukasan. Kaya matutong pahalagahan ang gawaing kaugnay sa pag-aaral tulad ng pagbabasa, pagsusulat, pagsasaliksik at pagtupad sa mga obligasyon bilang mag-aaral.

Higit sa lahat, ang pagkakaroon ng mga mabubuting pagpapahalaga at gawi sa pamumuhay ay makatutulong sa pagkakaroon ng maunlad na kinabukasan. Ang pagiging simple **(simplicity)** at ang tamang pagtitipid **(frugality)** ay mga pagpapahalagang nagdudulot nang maayos at maligayang pamumuhay. Kahit masipag at marami kang kayamanan, kung uubusin mo ito sa mga walang kabuluhang paggasta para sa mga bagay na nagbibigay ng panandaliang saya, hindi rin magiging lubos ang iyong kaligayahan. Maaaring magkaroon ka ng malaking suliranin kung dumating ang panahon ng biglaang pangangailangan.

Samantala, kung matututo kang mag-impok, maging maayos sa paggasta at simple sa pamumuhay, mas higit na kaligayahan dahil mayroon kang magagamit sa mga-hindi inaasahang gastusin. Kung kaya, tiyakin na maayos at mahusay ang paggasta. Iwasan ang pagbili ng mga bagay na walang kabuluhan***(temperance).*** Maging mahusay sa pagpili at pagpapasya **(prudence)** ng mga dapat bilhin.

Upang higit ding matiyak na tama ang gawaing pagtitipid at paggasta, ilagay ang pera sa bangko. Ang naiipong pera **(savings)** na inilagay sa bangko ay higit na ligtas at kikita pa ito mula sa interes. ***(Hango sa PDIC Teacher's Guide, Integrating Savings Consciousness , 2006.)***

**Tayain ang Iyong Pag-unawa**

Talakayin sa klase:

a. Ilarawan ang mga tungkulin mo sa bawat gampanin na binanggit sa sanaysay nang di gumagamit ng salita o pangungusap. Ilahad ito gamit ang isang illustration board. Isulat lamang ang iyong pangalan.
b. May mga tungkulin ka pa ba sa sarili na di binanggit sa sanaysay? Banggitin at ipaliwanag.
c. Alin sa mga tungkulin ng mga nagdadalaga / nagbibinata ang madalas na napapabayaan? Patunayan.
d. Ipaliwanag: "Ang pagiging mapanagutan ay nagpapakita ng tunay na pagkatao ng tao".
e. Bakit mahalagang maunawaan ang iba't ibang tungkulin bilang kabataan?
f. Ano ang maaaring mangyari kung hindi mo tutuparin ang iyong mga tungkulin?
g. Anong kasanayan ang nararapat mong taglayin upang matagumpay mong matupad ang iyong mga tungkulin?

**Pagninilay (Pagnilayan/Unawain)**

Isa sa mga kaibigan mo ay mababa ang naging resulta ng kanyang pagtataya dahil sa iba ang kanyang pananaw. Paano mo siya matutulungan?Paano mo sasagutin ang katanungang niyang ito?Gamitin ang talahanayan sa pagsagot.

Bakit ba kailangan pang gawin ang mga ito?

| Gawain | Idudulot nito |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |
| | |

Panoorin ang mga videoclips at ibahagi ang inyong reaksyon tungkol dito.

-Video- Alkansiya, Hindi Aksaya!
(www.bsp.gov.ph/multimedia/flcvids_7.asp)
- Live Simply, Save Early, Live Within Your Means,
Live Life to the Fullest
https://www.youtube.com/watch?list=PL0ytjRCMkSZinxBI91gvTI90TjCMEjxr1&time_continue=7&v=8UjEOyYcNJ8))

Mga Tanong:

1. Anu-ano ang 5 Patok-Impok Tips na nabanggit sa pinanood na video "Alkansiya, Hindi Aksaya!
2. Sang-ayon ka ba sa sinasabi dito?
3. Paano ba magiging masaya ang buhay sa pagtitipid?

**Paglalahat**

Bilang nagdadalaga/nagbibinata, paano makatutulong ang pagtitipid, pag-iimpok at matalinong paggamit sa pinagkukunang yaman sa pagganap ng iyong mga tungkulin ang patungo sa isang masayang buhay?

**Pagganap**

Gumawa ng Pansariling Plano ng Maayos na Pagtupad ng mga Tungkulin Bilang Kabataan. Magsisilbi itong gabay sa pagganap ng iyong mga tungkulin bilang kabataan. Magsisilbi rin itong pagtatalaga sa iyong sarili tungo sa maayos na pagganap ng bawat tungkulin:

a. Sa sarili
b. Bilang anak
c. Bilang kapatid
d. BIlang mag-aaral
e. Bilang mamamayan
f. Bilang mananampalataya
g. Bilang consumer ng media
h. Bilang tagapangalaga ng kalikasan

Kailangang malinaw na maisalaysay ang komprehensibong plano sa pagganap. Gamiting gabay ang halimbawa sa unang hanay.Huwag kalimutang mabigyan ng sapat na atensyon ang paraan ng pagtitipid na gagawin at wastong pangangasiwa sa pera.

| **Tungkulin** | **Pamamaraan ng maayos na pagtupad ng tungkulin** | **Dahilan sa pagtupad ng tungkulin** |
|---|---|---|
| Halimbawa:<br>***Sa sarili***<br>Palaging pananatilihing malusog ang pangangatawan | Kakain ng masusustansiyang pagkain sa lahat ng pagkakataon | Upang hindi magkaroon ng sakit o mapabayaan ang katawan |
| | | |

**Pagtataya: Pagsasabuhay:** (Pagtataya sa Pagsasabuhay ng Tungkulin)

Panuto:

Lagyan ng angkop na panandang titik ang kolum kung ito ay naisagawa( **N**), hindi naisagawa (**HN**) o gagawin pa lang (**GG**).

| Tungkulin | Pamamaraan ng maayos na pagtupad ng tungkulin | Lunes | Martes | Miyerkules | Huwebes | Biyernes | Sabado | Linggo |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Halimbawa:<br>*Sa sarili*<br><br>Panatilihing malusog ang pangangatawan. | Kakain ng masusustansiya ng pagkain tulad ng gulay at prutas | N | N | HN | HN | N | GG | GG |
| Tulungan ang magulang sa tamang pagbabadyet. | Pag-iimpok ng piso mula sa baong ibinigay ng magulang. | | | | | | | |
| Pagtulong sa kapwa | Pagbibigay ng pagkain sa kapitbahay kaysa masira. | | | | | | | |

| | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Pagmamalasakit sa kapatid | Pagtulong sa kapatid sa paggawa ng takdang-aralin bago manood ng TV. | | | | | | | |
| Pangangalaga sa kalikasan | Pagsasagawa ng segregasyon ng mga basura sa bahay. | | | | | | | |

**Kasunduan**

Bilang isang nagdadalaga / nagbibinata, sumulat sa iyong journal nang mga hakbang kung paano mo malilinang sa iyong sarili ang wastong pamamahala sa pera at sa mga pinagkukunang-yaman kakabit ang pagganap ng iyong mga tungkulin sa sarili, sa pamilya, sa kapatid, bilang mag-aaral, bilang mananampalataya, bilang konsyumer ng midya at tagapangalaga ng kalikasan.

**PAMAGAT NG ARALIN** Sa Epektibong Pagbabadyet, Pamilya ay Mabibigkis

**PANGKALAHATANG IDEYA**

Ang tahanan ang unang paaralan sa paglinang ng pagpapahalaga ng pamilya. Ang mga magulang ang unang guro at tagahubog ng mga ito. Ang pagkakaroon ng disiplina sa paghawak ng pera ay natututuhan sa loob ng pamilya bilang natural na institusyon ng lipunan. Ito rin ay nagsisilbing susi upang mapatatag ang pagmamahalan at pagtutulungan sa sariling pamilya.

**MGA PAMANTAYAN AT LAYUNIN**

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa pamilya bilang natural na institusyon ng lipunan.

**Pamantayan sa Pagganap:** Naisasagawa ng mag-aaral ang mga angkop na kilos tungo sa pagpapatatag ng pagmamahalan at pagtutulungan sa sariling pamilya.

**Mga Layunin:**

LC1.4 Naisasagawa ang mga angkop na kilos tungo sa pagpapatatag ng pagmamahalan at pagtutulungan sa sariling pamilya **EsP8PB-Ib-1.4**

1. Naipaliliwanag ang kahalagahan ng pagbabadyet sa pagpapatatag ng pagmamahalan at pagtutulungan sa sariling pamilya
2. Naibabahagi ang paraan ng pangangasiwa ng badyet
3. Nakagagawa ng pansariling badyet

**Tema/Paksa:** Ang Pamilya Bilang Natural na Institusyon
**Bahagi ng Modyul:** Pagsasabuhay ng mga Pagkatuto (ph. 27)
**Kagamitan:** play money, manila paper, badyet worksheet


Video: *How to Stick To Your Budget*

**Pinagbatayan:** www.providentliving.org
www.pinoymoneyacademy.com

**FINANCIAL LITERACY CONCEPTS/VALUES**

- Disiplina sa paghawak ng pera
- Wastong pagbabadyet at pag-iimpok ng pera

**YUGTO NG PAGKATUTO**
**Panimula (Tuklasin)**



1. Ipaliwanag ang pagkakaugnay ng PERA, BADYET at PAMILYA.
2. Bakit kailangang pangasiwaan ang badyet ng pamilya?
3. Ano ang mangyayari kung may badyet na sinusunod ang pamilya? Ano ang mangyayari kung wala?

**Paglinang (Linangin)**
Pangkatang Gawain: Pagbabadyet

Pangkatin ang klase sa lima, sabihan ang mga kasapi na ipagpalagay na sila ay kumakatawan sa isang pamilya. Bibigyan sila ng tag-iisang envelope na naglalaman ng play money na may katumbas na halagang 30K, 25K, 20K, 15K at 10K. Ang halaga na natanggap ng kanilang pangkat ay kumakatawan sa halaga na kinikita ng kanilang pamilya sa loob ng isang buwan. Magtulong-tulong ang mga kasapi ng pamilya (pangkat) na badyetin ang pera sa araw-araw na gastusin sa loob ng isang buwan.

Ibabahagi ng bawat lider ng pangkat sa klase ang nagawang pagbabadyet.
Maaaring gamitin ang pormat sa ibaba.

*Para sa Guro:*
*Maaaring papalitan ang mga halimbawa sa kolum na Gastusin ayon sa sitwasyon ng mga mag-aaral.*

BADYET PARA SA BUWAN NG
____________________

| KITA | HALAGA |
|---|---|
| Sahod / Sweldo | |
| Iba pang kita | |
| Kabuuang kita | |
| GASTUSIN | HALAGA |
| Renta sa bahay | |
| Kuryente | |
| Tubig | |
| Pagkain | |
| Kabuuang Gastos | |
| Kita Bawas ang Gastos | |

Sagutin ang sumusunod na tanong:
1. Ano ang natuklasan mo mula sa gawain?
2. Ano ang pagkakaiba ng nagawang badyet ng bawat pangkat?
3. Paano dapat paunlarin ang ginawang badyet?
4. Anong suliranin ang inyong nakaharap sa paggawa ng badyet? Paano ninyo ito binigyang solusyon?

*Ipapanood ang video *How to Stick to YourBudget* www.pinoyacademy.com
*Gabayan ang mag-aaral na makita ang mensahe ng video ayon sa kanilang karanasan o sitwasyon.

**Pagninilay (Pagnilayan/Unawain)**

Sa iyong kuwaderno isulat ang iyong sagot sa tanong na ito:

Paano mo paninindigan ang ginawang badyet sa kabila ng mga salik na maaaring maging hadlang sa pagsasakatuparan nito.

**Paglalahat**

Ano ang kaugnayan ng pagbabadyet sa pamilya bilang natural na institusyon? Paano ito nakaaapekto sa samahan ng pamilya?

**Paglalapat**

Paano mo gagampanan ang iyong papel bilang kasapi ng iyong pamilya tungo sa pag-unlad ng inyong pagmamahalan at pagtutulungan? Sumulat ng tiyak na hakbang kung paano ka makatutulong sa pinansiyal na aspekto ng pamumuhay ng inyong pamilya.

Gamitin ang pormat sa ibaba:

**BADYET PARA SA BUWAN NG ____________**

| KITA | PLANONG HALAGA | AKTWAL NA HALAGA |
|---|---|---|
| Baon | | |
| Iba pang kita | | |
| **Kabuuang Kita** | | |
| GASTOS | PLANONG HALAGA | AKTWAL NA HALAGA |
| Kabuuang Gastos | | |
| Kabuuan (baon-gastos=___) | | |
| Kabuuan (baon-gastos=___) | | |

**PAGTATAYA**

Sumulat ng repleksiyon sa kahalagahan ng pagbabadyet at ang epekto nito sa pansariling pamumuhay at pamumuhay ng pamilya.

Batayan sa Pagwawasto

5 – Nagbanggit ng 5 pataas na kahalagahan ng pagbabadyet at epekto sa pamumuhay

4 – Nagbanggit ng 4 na kahalagahan ng pagbabadyet at epekto sa pamumuhay

3 – Nagbanggit ng 3 kahalagahan ng pagbabadyet at epekto sa pamumuhay

2 – Nagbanggit ng 2 kahalagahan ng pagbabadyet at epekto sa pamumuhay



**KASUNDUAN**

1. Sa inyong kuwaderno, itala ang naging epekto ng pagsasabuhay ng ginawang badyet.
2. Ibahagi ito sa klase.

**PAMAGAT NG ARALIN** Edukasyon ay Mahalaga, Mag-impok Habang Maaga

**PANGKALAHATANG IDEYA**

Isa sa misyon ng pamilya ang pagbibigay ng pormal na edukasyon sa mga kabataang kasapi nito. Hindi kaila na sa maraming pamilyang Pilipino, isang banta ang kakayahan ng magulang na maibigay ito sa kanilang mga anak. Ang araling pansalapi ay may itinuturong paraan upang matugunan ito. Ang **pag-iimpok** ay makatutulong na malampasan ang banta sa pamilyang Pilipino na makapagbigay edukasyon sa mga kabataan.

**MGA PAMANTAYAN AT LAYUNIN**

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa misyon ng pamilya sa pagbibigay ng edukasyon, paggabay sa pagpapasya at paghubog ng pananampalataya.

**Pamantayan sa Pagganap:** Naisasagawa ang mga angkop na kilos tungo sa pagpapaunlad ng mga gawi sa pag-aaral at pagsasabuhay ng pananampalataya sa pamilya

**Mga Layunin:**

LC 2.2 Nasusuri ang mga banta sa pamilyang Pilipino sa pagbibigay ng edukasyon. Paggabay sa pagpapasiya at paghubog ng pananampalataya *EsP8PBIc2.2*

1. Nakikilala ang banta sa pamilyang Pilipino na makapagbigay edukasyon sa mga kabataang kasapi nito
2. Naipahahayag ang pagpapahalaga sa pag-iimpok
3. Nakagagawa ng isang action plan sa pagsasagawa ng pag-iimpok

**Tema/Paksa** Ang Misyon ng Pamilya sa Pagbibigay ng Edukasyon, Paggabay sa Pagpapasiya, at Paghubog ng Pananampalataya

**Bahagi ng Modyul** Paglinang ng mga Kaalaman, Kakayahan at Pag-unawa Pagkatapos ng Gawain 2 (ph. 36)

**Kagamitan** poster
Video ng Ipon-Ipon Din: A Savings Video
Saying "NO" Will Increase Your Savings Video


**Pinagbatayan:**
BSP video www.juanmillionclub.com

**FINANCIAL LITERACY CONCEPTS/VALUES**

1. Pagtitipid
2. Pagsasakripisyo
3. Pag-iimpok

## YUGTO NG PAGKATUTO

**Panimula (Tuklasin)**




Ipaskil ang poster na ito sa pisara.
Itanong sa mga mag-aaral:

Ano ang maaaring maging dahilan ng isang mag-aaral upang sabihin ang katagang ito? Kung isang kaibigan ang magsabi nito saiyo ano ang isasagot mo sa kaniya?

**Paglinang (Linangin)**

<u>Banta sa Pamilyang Pilipino</u>

- Isa-isahin ang mga dahilan kung bakit maaaring hindi makapag-aral ang isang kabataan. Magbigay din ng mungkahing paraan upang masolusyonan ito.
- Punan ang tsart sa ibaba.

| Dahilan na Hindi Makapag-aral | Mungkahing Solusyon |
|---|---|
| | |

Ibahagi sa klase ang resulta

- Ipapanood ang Video na Ipon, Ipon o ang video *Saying "NO" Will Increase Your Savings*

Ipasagot sa mga mag-aaral ang sumusunod na tanong:

1. Anong mensahe ang nais ipaabot saiyo ng iyong pinanood?
2. Itala ang mga ipinakitang dahilan kung bakit hindi nakakapag-impok ang mga tauhan sa video.
3. Batay sa iyong karanasan, anong pangyayari ang maaaring katulad ka sa mga tauhan o sa sinasabi sa video?
4. Mabisa bang solusyon sa bantang hindi makapag-aral ang isang kabataan, ang pag-iimpok? Pangatuwiranan.

**Pagninilay (Pagnilayan/Unawain)**

Sa inyong kwaderno isulat ang iyong sagot sa sumusunod na tanong:

1. Ano ang personal na natutunan ko mula sa araling ito?
2. Ano ang kailangan kong gawin mula ngayon upang isabuhay ang aking natutunan?
3. Paano ko ito isasagawa?

**Paglalahat**

Paano maisasakatuparan ng pag-iimpok ang misyon ng pamilyang makapagbigay ng edukasyon sa mga kabataang kasapi nito?

**Paglalapat**

Anong hakbang ang iyong gagawin upang makapag-impok at makatulong sa iyong magulang na matustusan ang pangangailangan mo para sa iyong pag-aaral?

## PAGTATAYA

Gumawa ng isang Action Plan na nagpapakita ng mga hakbang na gagawin upang makapag-impok.

| Hakbang na Gagawin | Paraan ng Pag-iimpok | Panahon ng Pagsasakatuparan |
|---|---|---|
| (*sumangguni sa ginawang badyet sa Modyul 1)<br>Halimbawa:<br>Maglalakad ako sa pag-uwi sa hapon para makapagtipid sa pamasahe | Ilalagay ko sa alkansiya ang aking natipid | Tuwing uwian sa hapon na maganda ang panahon simula ngayong araw |
| | | |
| | | |

**Batayan sa Pagwawasto (Rubrik)**

| | 3 | 2 | 1 |
|---|---|---|---|
| Hakbang na Gagawin | Malinaw at positibo ang hakbang na gagawin | Hindi malinaw ang hakbang na gagawin | Negatibo ang hakbang na gagawin |
| Paraan ng Pag-iimpok | Nagbanggit ng 3 o higit pa na paraan ng pag-iimpok | Nagbanggit ng 2 paraan ng pag-iimpok | Walang binanggit na paraan ng pag-iimpok |
| Panahon ng Pagsasakatu-paran | May *specific* na araw/oras ng pagsasakatupa-ran | May kalabuan kung kalian isasakatupa- ran | Walang binanggit na araw/oras ng pagsasakatu-paran |

**KASUNDUAN**

1. Isulat ang pagsasakatuparan ng ginawang Action Plan sa iyong dyornal
2. Itala ang iyong progreso sa pagsasabuhay nito.
3. Ipasa sa guro pagkalipas ng isang buwan

**PAMAGAT NG ARALIN** BSP Katuwang sa Pag-Unlad ng Lipunan

**PANGKALAHATANG IDEYA**

Mahalagang maunawaan ng bawat isa ang kahulugan ng lipunang sibil at ang mga kontribusyon nito sa pag-unlad ng ating pagkatao at ang paglago ng kabuhayan sa isang pamayanan. Kaisa sa lipunang sibil ang Bangko Sentral ng Pilipinas na may malaking bahagi sa kalagayang pang-ekonomiya, katarungan panlipunan, pag-unlad, at pakikilahok ng mamamayan.

Kaya, alamin natin ang mga batas at patakarang pinaiiral ang pamahalaan at Bangko Sentral ng Pilipinas na nakatutulong sa kabuhayan at pamumuhunan.

## MGA PAMANTAYAN AT LAYUNIN

**Pamantayang Pangnilalaman:** Naipamamalas ng mag- aaral ang pag-unawa sa Lipunang Sibil (Civil Society), Media at Simbahan.

**Pamantayan sa Pagganap:** Natataya ng mag-aaral ang adbokasiya ng iba't ibang lipunang sibil batay sa kontribusyon ng mga ito sa katarungang panlipunan, pang-ekonomiyang pag- unlad (economic viability), pakikilahok ng mamamayan.

**Mga Layunin:**

4.1.Nasusuri ang mga adhikaing nagbubunsod sa mga lipunang sibil upang kumilos tungo sa kabutihang panlahat. *( EsP9PL-1g-4.2)*

4.4. Natataya ang adbokasiya ng iba't ibang lipunang sibil batay sa kontribusyon ng mga ito sa katarungang panlipunan, pang-ekonomiya ng pag- unlad( economic viability), pakikilahok ng mamamayan, pangangalaga ng kapaligiran, kapayapaan, pagkakapantay ng kababaihan at kalalakihan (gender equality) at ispiritwalidad (mga pagpapahalagang kailangan sa isang lipunang sustainable. *(EsP9PL-1h-4.4)*

1. Nakatutulong sa pagpapatupad ng mga tuntunin at batas
2. Nasasabi ang mga batas at patakarang pinaiiral ng pamahalaan at Bangko Sentral ng Pilipinas na nakatutulong sa kabuhayan at pamumuhunan

**Tema/Paksa**

Aralin 4-Lipunang Sibil, Media at Simbahan

**Kagamitan**

- newsprint / powerpoint ng mga terminolohiya at Batas ng BSP sa Kabuhayan at Pamumuhunan
- mga warning sign cards

**Pinagbatayan**

- K to 12 Gabay sa Pangkurikulum EsP 9 p. 58
- Teaching Guides on Financial Literacy pp. 182-185

**FINANCIAL LITERACY CONCEPTS/VALUES**
Mga Batas ng BSP sa Kabuhayan at Pamumuhunan
Pagpapahalagang Lilinangin:

1. Kapayapaan at Katarungan
2. Pananagutang Panlipunan

## YUGTO NG PAGKATUTO

### A. PAGTUKLAS (Tuklasin)

**Gawain : Jail Me!**

Simulan ang klase sa pamamagitan ng pagbabalik-aral sa mga paskil o babala sa mga lansangan na mababasa habang papunta sa paaralan.

Panuto:

1. Maglagay ng limang corner na may mga ibat-ibang warning signs at may nakabantay na Jail Warden.

2. Hatiin ang bawat klase sa limang pangkat at isa-isang papasok ang mga miyembro nito.

3. Bawat signs ay dapat maipaliwanag upang makapagpatuloy siya sa pagpasok sa lahat ng 5 corner.

   *(Ipasabi kung ang mga paskil ay batas, tuntunin o ordinansa tungkol sa trapiko, kalinisan, o kaayusan sa pamayanan).*

4. Ang hindi makakagawa ng tama ay mananatiling nakakulong sa nasabing corner kung saan siya nagkamali.

5. Ang pangkat na mananatiling kumpleto o pinakamarami ang bilang ng nakapagtapos ang tatanghaling panalo.

### B. PAGLINANG (Linangin)

SAGUTIN:

- Bakit may mga batas, tuntunin o ordinansang pinaiiral sa ating sambayanan?
- Bakit kailangan alam natin ang mga babala, batas o ordinansa
- Anu-ano ang kapakinabangan sa mamamayan ng mga ito?

Saan natin karaniwang nababasa ang mga babala? Ito ba'y batas, tuntuniN o ordinansa? Magpabigay ng iba pang mga batas, tuntunin o ordinansa na nalalaman nila.
*(Isulat sa pisara ang alinmang batas, tuntunin o ordinansa na ibibigay ng mag-aaral)*

### C. PAGNINILAY/Unawain

1. Gabayan ang mga mag-aaral na makabuo ng alituntunin kung bakit kinakailangang magtulung-tulong ang mamamayan sa pagpapatupad ng batas sa pagbabangko.

2.Tumulong sa pagpapatupad sa pinaiiral na mga batas at patakaran para sa kabuhayan at pamumuhunan ng mamamayan

## PAGTATAYA

A. Alamin kung ang mga sitwasyon ay tumutugon sa sumusunod na mga batas: Titik lamang ang isulat bilang sagot.

a. RA 7353 (*Rural Banking Act of1992*).
b. RA 7906 (*Thrift Banks Act of 1995*)
c. RA 6938 (*Cooperative Code of 1990*)
d. RA 8797 (*General Banking Law of 2000*)

_____1. Ang mga kasapi ay karaniwang may-ari ng bangko.

_____2. Batas na nagtatatag ng malilit na bangko sa mga bayan o munisipalidad.

_____3. Bangko ng pinagsama-samang pera ng mga nagdedeposito at nagpapautang na binabayaran sa loob ng mahaba-habang panahon.

_____4. Bangkong itinatag ng mga samahang barangay o samahang nayon.

_____5. Batas tungkol sa mga batayang regulasyon sa pamamahala ng mga bangko sa Pilipinas.

**Hanay A**

___1. Tagapangasiwa sa lahat ng mga bangko sa Pilipinas

___2. Bangkong karaniwang itinatayo sa mga bayan.

___3. Layunin nito ang makaipon ng pondo mula sa deposito sa pag-impok.

___4. Tubo sa perang idineposito sa bangko o tubo sa pautang

___5. Nagpapautang ng walang garantiya mula P1,000.00 hanggang P150,000.00.

___6. Batayang Regulasyon sa pamamahala sa mga bangko.

**Hanay B**

A. Bangkong Panrural
B. Bangkong Pangmaykropinans
C.Bangko Sentral ng Pilipinas
D. Interes
E. RA 7906
F. RA 8797

Magbigay ng tatlong gawain na makakatulong sa pagpapatupad ng mga tuntunin at batas



## KASUNDUAN

Kapanayamin ang inyong mga magulang at alamin kung may deposito o nanghiram ba sila sa mga bangko sa pamayanan. Alamin kung anong uri ng bangko ang mga ito.




## IBA PANG GAWAIN / RESORSES
## PAGPAPALALIM

Gawain 2- Paghahawan ng balakid

a. **Bangkong Panrural** – bangkong karaniwang itinatayo sa mga bayan o munisipalidad na malapit sa maliliit na mangangalakal o negosyante.

b. **Bangkong Pangmaykropinans** – bangkong nagpapautang nang walang garantiya mula P1,000.00 hangang P150,000.00 at nagbibigay ng kakayahan sa mahihirap na matulungan ang sarili.

c. **Bangkong pangkooperatiba** – pinagsama-samang pera ng mga kasapi na ipinauutang sa mga kasapi rin ng kooperatiba.

d. **Bangkong Pang-impok** – may katamtamang laking bangko mula sa pagsasama-sama ng maliliit na impok ng mga nagdedeposito at ipinauutang nang may mahaba-habang panahon ng pagbabayad ngunit mas magaang na kundisyon sa pagbabayad.

e. **Bangkong Pangkalakal** - bangkong may malaking kapital, mga ari-arian at malawak na pag-uugnayan ng mga sangay.

f. **Deposito** – perang iniimpok sa bangko na nagkakaroon ng interes

g. **Interes** – tubo sa perang idiniposito sa bangko o tubo sa perang inutang

Gawain - BOARD CONFERENCE –Pag-uulat

a. **RA 7353 – (Rural Banking Act of 1992)-** Ang batas na ito ay nagtatatag ng mga bangko sa bayan o munisipalidad at pinaglalaanan ng kanilang serbisyo sa negosyong babuyan, manukan, palaisdaan, gulayan, gawaing pangkamay, at iba pang maliliit sa kalakal. Nagbibigay-serbisyo rin ito sa maykropinans.

b. **RA 7906 (Thrift Banks Act of 1995)** sa deposito sa pag-iimpok. Nagbibigay ng mahaba habang panahon ng pagbabayad sa pautang sa pabahay at iba pang pangangailangan ng lipunan at ekonomiya.

c. **RA 6938 (Cooperative Code of 1990)-** Ang batas na ito ay nagtatatag ng samahang nayon o samahang barangay mula sa pinagsama-samang pera ng mga kasapi ng samahan. Pag-aari ang bangko ng samahang kooperatiba.

d. **RA 8797 (The General Banking Law)** -Ang batas na ito ay naglalaman ng mga bataya regulasyon sa pamamahala sa mga bangko sa Pilipinas.

**Gawain (Cabbage Relay)**

Paikutin ang bolang repolyo habang inaawit ang Leron-Leron Sinta. Ang sinumang matapatan nito sa pagtigil ng awitin ang siyang magbubukas ng balot ng repolyo at sagutin ang tanong na nakasulat dito.

a. Bakit ginagawa ang batas tungkol sa ibat-ibang uri ng bangko?

b. Paano nakatutulong ang mga bangko sa pagsulong at pag-unlad ng kabuhayan ng mga mamamayan?

c. Paano ka makatutulong sa pagpapatupad ng mga tuntunin at batas?

**PAMAGAT NG ARALIN** Utang Mo! Responsibilidad Mo!

**PANGKALAHATANG IDEYA**

Bawat tao ay naghahangad na magkaroon ng mabuting buhay. Upang matugunan ang pinapangarap na buhay, hindi maiwasan ang pangungutang. Ang tamang pangungutang ay may kalakip na responsibilidad, tinutupad ang pangako at hindi nakapako. Pagiging makatarungan ang tamang pangangasiwa sa pera at ang pagbabayad sa utang dahil ito ay pinaghirapan din ng iyong pinagkakautangan.

## MGA PAMANTAYAN AT LAYUNIN

**Pamantayang Pangnilalaman**

Naipamamalas ng mag- aaral ang pag-unawa sa konsepto ng katarungang panlipunan.

**Pamantayan sa Pagganap**

Natutugunan ng mag-aaral ang pangangailangan ng kapwa o pamayanan sa mga angkop na pagkakataon.

**Mga Layunin**

LC 9.3. Napatutunayan na may pananagutan ang bawat mamamayan na ibigay sa kapwa ang nararapat sa kanya.

LC 9.4. Natutugunan ang pangangailangan ng kapwa o pamayanan sa mga angkop na pagkakataon.

1. Nasusuri ang mga dahilan ng pangungutang ng isang tao?
2. Naiisa-isa ang mga paraan sa pagiging responsableng mangungutang.

**Tema/Paksa** Katarungang Panlipunan

**Kagamitan** metacards ng mga sitwasyon

Video clips - Paano Sosolusyunan ang Patong-Patong na Utang

Video clips- Money Mindset by Chinkee Tan

Video clips- Get Out of Debt

**Pinagbatayan**

- K to 12 Gabay sa Pangkurikulum EsP p. 58
- Teaching Guides on Financial Literacy pp. 167-170
- Aralin 8- Pangako Huwag Ipako

## FINANCIAL LITERACY CONCEPTS/VALUES

Pangungutang na may Responsibilidad

1. Pagiging Produktibo
2. Saloobin sa Paggawa
3. Pagmamahal sa Kabutihan

**Gawain (Cabbage Relay)**

Paikutin ang bolang repolyo habang inaawit ang Leron-Leron Sinta. Ang sinumang matapatan nito sa pagtigil ng awitin ang siyang magbubukas ng balot ng repolyo at sagutin ang tanong na nakasulat dito.

a. Bakit ginagawa ang batas tungkol sa ibat-ibang uri ng bangko?
b. Paano nakatutulong ang mga bangko sa pagsulong at pag-unlad ng kabuhayan ng mga mamamayan?
c. Paano ka makatutulong sa pagpapatupad ng mga tuntunin at batas?

## YUGTO NG PAGKATUTO

### A. PAGTUKLAS (Tuklasin)

Survey:

- Magkano ang ipinababaon ng inyong mga magulang araw-araw sa paaralan?
- Sapat ba ang baon ninyo? Bakit?
- Ano ang karaniwan ninyong ginagawa kung kulang ang inyong baon?
- Nangungutang ba kayo? Kailan kayo nangungutang? Masama o mabuti ba ang mangutang? Bakit?

### B. PAGLINANG (Linangin)

Pangkatang Gawain

1. Hatiin ang klase sa tatlong pangkat at bigyan ang bawat pangkat ng index card.
2. Pag-aralan ang sitwasyong nasa index card at isulat ang inyong reaksiyon gabay ang sumusunod na tanong:

*Paksa: Pagtupad sa pangako/pinagkasunduan, komitment/usapan*

a. Kung ikaw ang pinagkautangan, ano ang iyong mararamdaman?

b. Dapat bang sundin ang napagkasunduang bayaran sa pagkakautang kahit kapos pa rin ang nangutang? Bakit?

c.Tama ba ang hindi pagsasabi ng totoo para lamang makapangutang? Bakit?

Iulat sa klase ang napagkasunduan ng inyong pangkat

| |
|---|
| Si John Loyd ay naglalakad lang papuntang paaralan dahil tamang-tama lang ang kanyang baon para sa mga gastusin sa araw-araw. May mga pagkakataon na siya ay nangungutang kapag may mga biglaang kontribusyon sa paaralan. Nagbabayad naman siya sa pinagkasunduang araw kaya lagi pa rin siyang napapautangng ng mga kaklase niya. Magaling ba siyang mangungutang? Bakit? |

| |
|---|
| Galit na galit sa kaibigan si Josie dahil hindi tinupad ni Tony ang usapan nila. Sa halip na bayaran ang limampung pisong inutang noong isang araw, dalawampung piso lamang ang binigay ni Tony.Nagpasabi pa na "mayaman naman siya" mula sa isang kaklase. Mula noon, hindi na nagpahiram si Josie at nagkalamat ang kanilang pagkakaibigan. May katwiran bang magalit si Josie? Bakit? |

| |
|---|
| Mahilig si Regine na sumabay sa mga uso o latest fashion dahil ito daw ang katangian ng isang millennials. Upang matugunan ang mga kagustuhan niya, palagi siyang nababaon sa utang. Magaling siyang humanap ng mapag-uutangan dahil sa mayayaman ang pinipili niyang mga kaibigan at pa-awa ang istilo niya sa paghihiram ng pera. Marami na siyang nakagalit dahil hindi buo ang kanyang binabayad. Barya –barya lang daw ito sa mga pinagkakautangan niya. Tama ba ang gawain ito ni Regine? |

**PAGPAPALALIM**

Panoorin ang mga video clips nina Vic Garcia at Chinkee Tan tungkol sa pangungutang. Talakayin at ipakopya sa kanila ang mga mahahalagang konsepto na napapaloob dito. Maaaring dagdagan ang mga halimbawa ng bawat kaisipan na nabanggit batay mismo sa iyong karanasan at karanasan ng mga mag-aaral.

MGA TANONG:

1. Paano binibigyang solusyon ng isang tao ang kaniyang problema ayon sa SWS, 2013?
2. Anu-ano ang karaniwang dahilan kung bakit laging kinakapos sa pera?
3. Paano malalampasan ang patong-patong na pagkakautang?
4. May magagawa pa ba siya sa para palakihin ang kita? Paano?

**C.PAGNINILAY/ PAGHAHALAW**

Patnubayan ang mga mag-aaral na makapagpatunay kung bakit mahalaga ang pagtupad sa pangako o pinagkasunduan at komitment o usapan, lalung-lalo na ang pagbabayad sa pinagkautangan.

**D. PAGTATAYA**

A. Piliin ang dapat mong gawin sa bawat sitwasyon. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.

______ 1. May usapan ang buong klase na maglilinis sa paaralan sa darating na Sabado. Ano ang gagawin mo?

a. Magpapaalam sa mga magulang at susunod sa usapan.
b. Sasama sa mga pinsan papuntang mall dahil may salu-salo roon.
c. Liliban sa kasunduan dahil marami naman ang kaklaseng pupunta.
d. Magpapasabi sa best friend na liliban ako dahil tinatamad ako

______ 2. Hiniram mo ang aklat ng iyong barkada ngunit hindi mo matandaan kung saan ito naiwan. Ano ang gagawin mo?

a. Sasabihin mo sa kanya na kinuha ng hindi mo naalala.
b. Hindi magpapakita sa barkada.
c. Magtatapat sa mga magulang na nawala ang aklat at magpapatulong mapalitan ito.
d. Magtatago sa kabarkada.

______ 3. Tamang-tama lamang ang allowance ni Juan sa isang linggo. Nangungutang sa kanya ang matalik niyang kaibigan. Ano ang gagawin niya?

a. Ipahihiram ang kanyang allowance.
b. Magtitiis na lang siya dahil malapit niyang kaibigan ang nanghihiram.
d. Isusumbong niya sa mga magulang ang kaibigan niya.
e. Magpapahiram siya ngunit dapat magbayad kinabukasan ang kaibigan.

Panuto: Sagutin ayon sa inyong ginagawa. Lagyan ng tsek ( ) ang Oo, Hindi o Paminsan-minsan sa hanay.

Ako ay: Oo Paminsan-Minsan Hindi

1. nangungutang ngunit nagbabayad naman sa takdang oras
2. nasa tamang oras sa pagpasok sa paaralan
3. tumutupad sa aking mga pangako
4. sumisipot sa napagkasunduang oras
5. gumagawa sa mga bagay na aking pinaniniwalaan at pinaninindigan

**KASUNDUAN**

Sa isang malinis na papel gumawa ng listahan ng mga mabubuting gawain na pinaniniwalaan mong nagpapatibay ng iyong integridad bilang isang mag-aaral na matapat sa salita at gawa.

**IBA PANG GAWAIN / RESORSES**

https://www.youtube.com/watch?v=Xezx8ER8pe0
Paano solusyunan ang patong patong na utang Published on Jul 5, 2017 by WHATaLIFE
https://www.youtube.com/watch?v=5NhvlAloXXMMoney Mindset By ChinkeeTan PREMO Ralph Democrito Published on Sep 7, 2016
https://www.youtube.com/watch?v=bKD5J27gLPA
Get Out of Debt Published on Aug 22, 2016